# MATANGLAWIN

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGMAG-AARAL NG PAMANTASANG ATENEO DE MANILA

## BIYAHENG URONG-SULONG

SAAN NGA BA PATUNGO ANG ATING BAYAN?




KUHA NI **GENESIS GAMILONG**


## MATANGLAWIN 2016-2017

RAFAEL MAYA TALABONG, IV-AB COM '17
**PUNONG PATNUGOT**

KATHERINE ALAMARES, III - AB LIT (ENG) '18
**KATUWANG NA PATNUGOT**

JEROME CHRISTOPHER FLORES, IV - AB SOS '17
**NANGANGASIWANG PATNUGOT**

JENNIFER PAGAY, IV - BSM AMF '17
**PANGKALAHATANG KALIHIM**

JOSE MEDRIANO, III - AB POS '18
**PATNUGOT NG SULATIN**

ROSALAINE PESARIT, III - AB LIT (ENG) '18
**TAGAPAMAHALA NG PANDAYAN**
**PATNUGOT NG SINING**

MICAH RIMANDO, III - BFA ID '18
**TAGAPAMAHALA NG SOCIAL MEDIA**
**PATNUGOT NG DISENYO**

BIANCA FENIX, IV - AB IS '17
**TAGAPAMAHALA NG PROYEKTO,**
**INGAT-YAMAN**

**SULATIN AT SALIKSIKAN**
CARL JASON NEBRES - KATUWANG NA PATNUGOT, MARY GRACE AJERO, ANGEL KISCHKA BACCAY, MARY JILL IRA BANTA, ROBBIN DAGLE, BEN EMMANUEL DELA CRUZ, THEA LYNN DOCENA, NAOMI FLORES, JESSICA NICOLE GAYO, PATRICK GERONIMO, GERALD JOHN GUILLERMO, RIEL GLENN GUTIERREZ, PAMELA ANNE ISIP, APRILLE DIANE JARCIA, ABEGAIL JOY LEE, DANIELLE THERESE LINTAG, JEAN CEDRIC MADRIGALEJO, ALANA MARIS MONTEMAYOR, DENISE JOSHUA NACNAC, KING REINIER PALMEA, ANNE MARIE REY, PACO RIVERA, DENISE ABBY SANTOS, MAUREEN ANGELICA STINSON, JOSE ABELARDO TORIO, PATRICIA ANNE YRAY

**SINING**
GEELA GARCIA, DANNE ANGELICA BATHAN, ED JAN CEARA AGAY, ALYSSA DELA CRUZ, RICHARD MERCADO, JOSE EDWIN SEGISMUNDO, ALAWI SULARTE, REINA KIMBERLY TAMAYO, ANGELA PAULINE TIAUSAS, NEIL JOHN VILDAD, FLEURBELLINE VOCALAN

**DISENYO**
AARON REYES, AT ANGELA PAULINE TIAUSAS - KATUWANG NA MGA PATNUGOT, JULIUS RAY GUILLERMO, PAMELA LAO, JOHN JOSEPH SILVA, ALAWI SULARTE, EARL DANIELLE URBIZTONDO

**PANDAYAN**
GABRIELLE ANNE GABATON, GENESIS GAMILONG, DANIELLE THERESE LINTAG, KIMIKO CATHERINE SY

**SOCIAL MEDIA**
DANNE ANGELICA BATHAN, DALE GILBERT GALINDEZ, BIANCA PAMFILO, AARON REYES, KIMIKO CATHERINE SY

**PROYEKTO**
DALE GILBERT GALINDEZ, IVY JESSEN GALVAN, GENESIS GAMILONG, DENISE JOSHUA NACNAC, BIANCA PAMFILO, JOHN JOSEPH SILVA, EARL DANIELLE URBIZTONDO

**TAGAPAMAGITAN**
BENJAMIN TOLOSA, JR.,
KAGAWARAN NG AGHAM PAMPOLITIKA

**LUPON NG MGA TAGAPAYO**
MARK BENEDICT LIM,
KAGAWARAN NG FILIPINO
ANNE LAN CANDELARIA,
KAGAWARAN NG AGHAM PAMPOLITIKA
MICHAEL-ALI FIGUEROA,
KAGAWARAN NG FINE ARTS
ROMMEL JOSON,
KAGAWARAN NG FINE ARTS


# MULA SA PATNUGUTAN: BIYAHENG URONG-SULONG

Paatras ang takbo ng mapanghamong panahon.

Sa mga nakaraang taon, paulit-ulit lamang binabalikan ang mahahalagang usapin tulad ng suliranin ng kontraktuwalisasyon, parusang kamatayan, paglaban sa mga karapatan, pati mga isyu sa loob ng Pamantasan tulad ng pagtaas ng matrikula, sangguniang eleksiyon, at kamalayan sa mental health. Subalit ano o saan nga ba ang nais natin marating?

Malaking bahagi ng buhay ang pagbibiyahe: hindi lamang ito bilang literal na pagkilos mula sa isang punto tungong isa pa kundi isang makabuluhang paglalakbay, o proseso ng pagbabago mula sa nakagawian. Ngunit tandaan na hindi maaaring madaliin ang bawat pagbiyahe. Hindi rin iisa ang daan at sa bawat ruta, iba iba rin ang sitwasyon - maaaring mabagal at puno ng pag-aalinlangan o mabilis at maraming peligro.

Maaaring sa kasalukuyan, hindi pa natin tanaw ang patutunguhan, o tuluyan na tayong naligaw sa landas. Sa kabila nito, mahalagang prumeno muna upang magtanong at mapagmunihan ang daan. Maghanap ng panibagong landas upang kumawala sa sitwasyon, o bumalik sa pinanggalingan nang matunton ang tamang daan. Kung sa simula pa lamang hindi na tiyak at mali ang tinahak, hindi ba't hindi natin mararating ang nais puntahan?

Para sa Tomo XLI Blg. 2, samahan ang Matanglawin sa pagkilala at pagsiyasat sa iba't ibang uri ng pagbiyahe. Mula sa literal na pagbiyahe, paghahanap-buhay ng mga barker, tsuper, at nangangariton; hanggang sa paglalakbay at pagbabago sa katayuan ng mga marhinalisadong grupo, layon ng publikasyon na pahalagahan ang kanilang mga kuwentong nadadaanan lamang ng lipunan.

Hindi dahil naipit sa trapik o gulo ng pangunahing daan ay wala nang maliit na eskinitang matatahakan. Sa maliliit na daan na ito makikilala ang mga tagong kuwento na magsisilbing simula ng pagtatanong. Natatahak na ba natin ang landas tungong tunay at maayos na pagbabago? O tayo ay nalilihis pa rin sa daan? Hahayaan na lamang ba natin ang pagbiyaheng urong-sulong?

---



Tungkol sa Pabalat: Biyaheng Urong-Sulong

Likha nina Genesis Gamilong & Micah Rimando

Sa pagbiyahe pauwi at sa pag-abot sa hangganan ng araw, ano kaya ang pinagmumunihan ng mga kapatid nating Filipino? Ano kaya ang mga hinaing, pangarap, at mithiin ng bawat isa para sa bayan? Inaanyayahan ang mga mambabasa na sumama sa biyahe, makinig, at bigyang tugon ang iba't ibang pakiusap ng mga kapuwa nating nakakubli ang boses sa kaingayan ng lansangan.



Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kaniyang bayan.

Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

# BIYAHENG URONG-SULONG








06 TELESERYE NG COMMON STATION: TAO, NEGOSYO & GOBYERNO

10 SA BIYAHE NG PAGKUKUSA













14 BIYAHE TUNGONG SENTRO

18 URONG-SULONG: KUWENTO NG KARITON SA KATIPUNAN

22 BARKER: SILANG MGA TAGASILBI NG MGA HARI NG KALSADA









26 TRANSISYONG TRANSGENDER BILANG ISANG PAGLALAKBAY

30 BIYAHENG MAYNILA: NAGHIHINGALONG KABAYO

36 HARAN: KANLUNGAN NG MGA KWENTONG PAGPALAG NG MGA LUMAD-BAKWIT



# TELESERYE NG COMMON STATION: TAO, NEGOSYO AT GOBYERNO

*Sa pagbabangga ng interes ng masa at ng mayayaman, madalas agrabyado ang mga nasa paanan ng naghaharing iilan.*

SULAT NI **CARL JASON NEBRES**
MGA KUHA NI **GEELA GARCIA**,
LAPAT NI **JANUS MACLANG**

Palaging ipinagmamalaki ng gobyerno ang tinatawag nilang Public-Private Partnerships o PPP. Isa raw itong programa kung saan nakikipagtulungan ang gobyerno sa mga pribadong sektor sa mga proyekto ng pamahalaan, partikular sa larangan ng transportasyon. Halimbawa nito ang mga expressways sa hilaga at timog Luzon partikular ang mga tren na malaahas ang pagtawid sa salimuot ng Metro Maynila.

Ngunit, hindi maikakaila na sila rin ang isang dahilan kung bakit dumaranas ng pasakit sa pagbibiyahe ang mga pasahero. Hindi ba't ang trapik sa EDSA at iba pang mga pangunahing kalye ay dahil sa mala-kabuteng pagtatayo ng mga naglalakihang malls at shopping centers dito? Nananatiling mababa ang kalidad ng serbisyo ng mga tren dahil sa paghaharang ng mga pribadong kumpanyang nagpapatakbo rito. At sa pagpasok ng panibagong taon, panibagong PPP project na naman ang pilit na ipinagmamalaki ng pamahalaan sa mga pasahero.

Ito ang isang grand o common station ng LRT-1, MRT-3 at ang itatayong MRT-7 sa Lungsod Quezon. Ginhawang maituturing ito sa mga pasaherong araw-araw na binabaybay ang Maynila sapagkat magiging madali umano ang paglilipat mula sa isang linya tungo sa isa.

Ngunit gaya ng ibang PPP projects, may kinukubling dumi ang nasabing proyekto. Sa pagbabangga ng interes ng masa at ng mayayaman, madalas agrabyado ang mga nasa paanan ng naghaharing iilan.

## ANG PAG-AAGAWAN NG SM AT TRINOMA

Mas malala pa sa teleserye ang naging takbo ng paggawa ng plano para sa common station. Taong 2009 pa nang unang itinakda ang common station bilang isang PPP kasama ang SM Prime Holdings Inc. (SMPHI). Nagkaroon ng kasunduan ang SMPHI at ang gobyerno sa pagpapatayo nito sa kanang bahagi ng SM Annex at may lawak na 7,200 km kuwadrado. Pinahintulutuan ng SMPHI ang naging kasunduan at nag-alok pa ng paunang tulong pondo na umabot sa halos 200 milyong piso sa kondisyon na ipapangalan ang common station sa SM North EDSA. Sinasabing tulong daw ito ng SM, ngunit hindi nagsisinungaling ang salaping kapalit ng isang pangalang tiyak na makapag-aangat sa kanilang interes.

Naisapapel ang proyekto at tiyak na ang papel ng SMPHI at gobyerno rito. Latag na rin ang disenyo - nasa isang malawak na bubong lamang ang tatlong tren at may isang palapag sa ilalim ng platforms na lakaran ng mga pasahero. Ngunit, nanatili itong nakapapel nang limang taon bago muling lumutang sa media.

Taong 2014, biglang lumantad na nagkaroon ng pag-uusap ang pamahalaan at ang Ayala Land Inc., sa tila pagbabago ng mga plano para sa common station. Sa halip na sa SM North EDSA, inilipat ito sa tapat ng Trinoma sa kadahilanang higit na maliit daw ang gagastusin. Mula kasi sa 7,200 kilometro kuwadrado ay ibababa ito sa 2,500 kilometro kuwadrado na lamang.

Hindi ito ikinatuwa ng SMPHI at agad na nagsampa ng Temporary Restraining Order (TRO) sa Pasig Regional Trial Court upang harangin ang kasunduan. Muli, nang dahil sa pag-aagawan ng mga naglalakihang kumpanya at dahil sa pananaw na higit ang maaani sa proyekto kaysa sa magagastos, nabinbin ng ilang taon ang proyekto. At sa kasalukyang administrasyong Duterte, nagkaroon ng pag-unlad sa isyu at nagkaroon nga ng isang engrandeng pagpupulong ang mga naglalakihang kumpanya - ang mga Sy, Ayala, Ang at Pangilinan - sa bansa na siya raw 'magtutulungan' upang maitayo at maihatid sa sambayanan ang common station.

Dahil sa nasabing pag-aagawan, napagkasunduan na sa pagitan ng dalawang malls – SM North EDSA at Trinoma – itatayo ang istasyon na may lawak na 13,700 kilometro kuwadrado, 'di hamak na mas malawak kaysa dati. Sumasawsaw rin sa kasunduan ang ilang mga negosyong hindi naman orihinal na kabilang sa plano ng station at binigyan ng tungkulin sa plano. Tatlo ang bahagi ng common station, ang Area A kung saan nakatayo ang platforms ng LRT-1 at MRT-3, Area B na siyang covered walkway ng common station at ang Area C na platform ng MRT-7.

Malinaw na malaki ang naging impluwensya ng mga kumpanya sa hinaba-habang kuwento ng proyekto. Dahil dito, naging matunog ang proyekto sa mga kritikal na mata ng publiko. Isa sa mga puna sa proyekto ang mismong lokasyon ng common station na dahil sa kompromisong sumang-ayon sa kagustuhan ng mga kumpanya ay naisaalang-alang ang kapakanan ng mga pasahero.

Sa bagong lokasyon kasi, hindi na magtatagpo sa iisang bubong ang tatlong linya 'di gaya kung sa SM Annex ito. Dahil dito, magtatayo ng isang 200 meter covered walkway na magdurugtong sa LRT-1 at MRT-3 sa itatayong MRT-7. Malaking abala at pagod ang idudulot nito lalo na sa mga may kapansanan at matatandang pasahero. Lumalabas na tila sadyang naging labasan din ng tren ang dalawang mall, isang istratehiya upang mahalina ang mga pasaherong konsyumer din ng mga produkto.

Kuwestiyunable rin ang naging disenyo ng common station na sadyang nakabibigla sapagkat pumalo sa halos 2.8 bilyong piso mula sa 700 milyong pisong halaga noong taong 2009. Bukod dito, bagaman paulit-ulit na ipinapahayag ng Department of Transportation (DoTr) na walang gagastusin ang pamahalaan, lumalabas na ito rin pala ang gagastos sa pagpapatayo ng Area A, na 'di hamak na pinakamalaking bahagi ng istasyon.



> "ONE OF ITS GREATEST CONTRIBUTION WILL BE THE CHANGING OF MINDSET OF PEOPLE... WHEN PEOPLE START SAYING THAT TAKING PUBLIC TRANSPORTATION IS NOT AS BAD... YOU WOULD HAVE ALREADY WON HALF THE BATTLE."
>
> DR. MA. SHEILA G. NAPALANG
> UP NCTS

**BAGONG PERSPEKTIBA: ISANG PAGLILINAW**

Bagaman hindi maikakailang malaki ang naging impluwensya ng mga pribadong kumpanya sa common station, mahalaga ring tingnan at suriin ang isyu sa ibang anggulo nito.
Para sa National Center for Transportation Studies o NCTS, higit sa pagiging common station ang dapat na silbi at layunin nito. "Ang common station is really a transfer station and if you look at transfer stations, it will not only serve the train, it will also serve those who will be transferring from the buses or jeepneys to take your [the] train," ani ni Dr. Ma. Shiela G. Napalang, direktor ng NCTS. Kaya't para sa kanila, may kabuluhan ang mga dagdag na gastos rito. Sadyang maliit kasi ang sukat ng mga naunang disenyo sa inaasahang 400,000 mananakay na magdaraan dito. At sapat na sa inaasahang bilang ng mga mananakay ang 13,700 kilometro kuwadrado ng pinakahuling disenyo.

Aminado rin naman ang NCTS na may papel ang mga negosyante sa naging lokasyon ng istasyon na umani ng matitinding kritisismo. Saad ni Dr. Napalang, "May compromise talaga yan. Kasi nga business din itong mga taong ito. And that's the truth about transport. Transport planning is never just a technical undertaking. We may say na ito ung best technical design, but it is also subject to the political economic situation."

Dagdag rin niya, "Itong mga big businesses they will not lie down ... Why? Because kung nasa Trinoma iyong station, dahil mas malapit, mas malaki ung sales nila. So in the same manner ayaw din ng Trinoma na nasa SM sila [common station]."

Binanggit din ng NCTS ang naging kakulangan ng pamahalaan sa pagtututok sa proyekto, at maging sa ibang mga proyektong pantransportasyon sa ilalim ng PPP.

Aniya, "Trabaho dapat ng gobyerno na magsafeguard ng mga tao and I'm sorry to say that the government is not always effective in doing its job. In fact, I understand kung bakit maraming criticisms about this common station, because the government has been in the past, in general, very weak in determining 'ano ba talaga?"

Dagdag din ni Napalang, "The government should be the one who have a master plan. Saan ba dapat itong station na ito roughly? Or anong klaseng service ba ang mayroon or saang rail line ito tatagos. Kasi ang gobyerno, sila ang vanguards of public welfare." Kasama rito ang pagsisiguro ng gobyerno na mayroong seamless transfer sa mga tren, may mga tandang magsisilbing gabay ng mga mananakay lalo na sa mga may kapansanan at siguruhing ligtas ang kabuuang karanasan sa loob at labas ng istasyon.

Sa mas malawak na pananaw, nilinaw ng NCTS na tungkulin ng pamahalaan na balansehin ang dalawang elemento ng pampublikong transportasyon, ang public policy na nangangalaga sa kapakanan ng masa at ang public economy na kompetisyon ng mga negosyong nag-ambag sa proyekto.

Hinahamon din ng NCTS ang gobyerno na tiyaking tunay nga na magbubunga ang proyekto. "Ngayon na nakasa na iyan ... is to now start making sure that what happens from here on will really benefit the people," dagdag niya.

Para kay Dr. Napalang, higit sa paghahatid sa mga sumasakay at bumabiyahe ang tungkulin ng common station. "I think one of its greatest contribution will be the changing of mindset of people. When people start saying that taking public transportation is not as bad because now with the common station you will be able to show them that I can transfer seamlessly, I can use the rail lines to go anywhere, everywhere. And you would have already won half the battle," dagdag niya.

Hinihikayat din ng NCTS ang publiko na suportahan ang proyekto sa kabila ng mga kontrobersiyang kakabit nito. Ani ni Dr. Napalang, "Support it. Support it but be vigilant especially when it is already being constructed, be vigilant by all means, and make your voice heard."

**PAGPAPATULOY NG ISTORYA**

Higit sa paghahatid ng mga tao ang layunin ng transportasyon. Saksi ang kasaysayan sa transportasyon bilang sisidlan at tawiran ng mga produkto, ideya at kultura. At sa modernong panahon, ito na rin ang batayan ng kaunlaran, teknolohiya at industriya ng mga bansa sa daigdig. Bahagi na ng tao ang transportasyon. Taal na sa araw-araw na buhay ng mga Pilipino ang pagbibiyahe. Hindi maitatangging malaki ang pangako ng common station sa pagpapaunlad pagpapabuti ng pabibiyahe ng mga Pilipino.

Sa pagkakataong pinagsasamantalahan ng mga negosyanteng layong kumita ang sistemang ito, sa huli, tungkulin ng mga mananakay na Pilipinong protektahan ang kanilang interes, katulong ang gobyernong kinatawan dapat nito. Sa bisa ng kritikal na pananaw at pagtutulungang maiangat ang isa't isa, matitibag ng mga masang nasa laylayan ang interes ng iilan. Sa teleseryeng ito, hindi imposibleng ang masa ang siyang maging hari at bida.

# SA BIYAHE NG PAGKUKUSA

*Pagkilala kay Timothy Gabuna sa kahalagahan ng paglilingkod*

SULAT NI **RIEL GLENN GUTIERREZ**
MGA KUHA NINA **MICAH RIMANDO** & **MARC BUENO**
LAPAT NI **AARON REYES**



Marami sa mga organisasyon sa Ateneo ay malaki ang naiaambag sa estado at pag-unlad ng kani-kanilang area o lugar na tinutulungan sa pamamagitan ng kani-kanilang mga natatangi at tiyak na kakayahan o espesyalisasyon. Ilan sa mga organisasyong ito ang Ateneo Catechetical Instruction League (ACIL) at Ateneo Gabay. Ang ACIL ay tumutulong sa pagtuturo ng katesismo sa mga kabataan at ang Gabay naman ang tumutulong mga mag-aaaral ng ika-6 na baiting sa mga pampublikong paaralan sa kanilang kaalaman sa iba't ibang asignatura tulad ng sipnayan, ingles at iba pa.Sa pamamagitan ng mga natatanging ambag ng mga organisayong ito, nakatutulong sila sa pagpapaunlad ng mga komunidad na kanilang tinutulungan.

Nariyan din ang National Service Training Program o NSTP bilang patunay sa pakikipagtulungan ng Ateneo sa mga iba't ibang sector ng lipunan na may iba't ibang pangangailangan. Ang NSTP ng pamantasan ay nakikipagtulungan sa mga organisasyon na maaaring makatulong sa kanila sa pagtugon sa mga sector na nais nilang tulungan. Nariyan ang Ateneo Special Education Society (SPEED), na tumutulong sa mga batang mayroong espesyal na pangangailangan at Musikero na nagbibigay kaalaman patungkol sa musika at nagtuturo ng instrumento sa mga kabataan.

Maaaring ang ilan sa mga gawain ng mga nasabing organisasyon ay naisasakatuparan dahil sa mandato ng mga taong nasa posisyon. Dahil dito, maaaring ang aksyon na ginagawa ng mga miyembro ng nito ay sa pagsunod lamang sa nakatataas o mga pinuno ng organisasyon. Maaaring ang pansariling hangarin na makatulong ay maaaring naisasawalang bahala at ang tanging pumapaibabaw ay ang pangkalahatang naisin ng mga pinuno ng organisasyon. Hindi naman sa paglalahat, ngunit maaaring maging ganito ang kasalukuyang katotohanan at pangyayari sa ilang mga organisasyon sa loob ng pamantasan, at maaaring sa labas na rin.

Ang pagkilos na mayroong sariling pagkukusà ang siyang bukal na puhunan ng isang volunteer, o isang taong iniaalay ang kaniyang oras at talento upang makatulong sa mga nangangailangan. Marami sa mga organisasyon sa pamantasan ang pahapyaw na nagsasabuhay ng pagkukusà. Ngunit, kailangang alamin ang ibig sabihin ng pagkukusà bilang isang volunteer at kung papaanong nakatutulong ang pagkukusà sa pagtataguyod at pagpapaunlad ng bayan o mas kilala bilang "nation building." Sa ganitong paraan, nagiging mas malinaw ang kaisipan at konsepto ng pagkukusà at ang mga kahingian nito sa mga taong nais maging volunteers.


> "VOLUNTEERING IS A PRIVATE INITIATIVE FOR PUBLIC GOOD. EXTEND YOUR SERVICE TO OTHERS WHO NEED IT MOST."

Isa ang Jesuit Volunteers of the Philippines o JVP sa mga organisasyong nakatutulong nanghihikayat ng mga tao, lalo na mga nagtapos o magtatapos ng kolehiyo, na maging volunteers. Hinihikayat ng JVP na isabuhay ng mga volunteers nito ang pagiging taop para sa kapwa sa pamamagitan ng paglilingkod. Pumupunta ang mga volunteers ng JVP sa iba't ibang parte ng Pilipinas na hindi nararating ng mga kapwa volunteers ng ibang organisason upang tumulong sa komunidad sa mga pangangailangan nito. Isa lamang ang JVP sa pitong organisasyon na tumutulong na itaguyod ang isang koalisyon na naglalayong paigtingin ang pagkukusà sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa iba't ibang volunteer organizations sa Pilipinas at ibang bansa.

Itinaguyod ng JVP, 10 ng iba pang mga lokal na volunteer organizations, ang Philippine Coalition on Volunteerism o PhilCV. Nilalayon nito na paigtingin ang hangarin ng pagtulong sa pagpapaunlad ng bayan sa pamamagitan ng pagkukusà. Kinapanayam ng Matanglawin ang kasalukuyang pangulo ng PhilCV na si Ginoong Timothy G. Gabuna upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa papel ng pagkukusà, sa pamamagitan ng PhilCV, sa nation building.

Bilang isang organisasyon na bago pa lamang at unti-unting nagtataguyod ng sarili, ibinahagi ni G. Gabuna ang ilan sa kanyang mga nais na mangyari sa PhilCV sa dalawang aspeto: magkaroon ng panloob na katatagan at panlabas na pakikipagtulungan sa gobyerno at iba pang Non-Government Organizations o NGOs.

Sa panloob na pangangailangan may mga puntong inihayag si G. Gabuna na nais niyang mangyari at maisakatuparan ng PhilCV. Una, nais niyang mapalalim ang pagkakakilala ng mga volunteer organizations sa isa't isa nang magkaroon ng higit na maayos na pakikipag-usap at pakikipag-ugnayan patungkol sa kanilang magiging plano sa pagtulong sa iba't ibang komunidad. Pangalawa, nais niyang magkaroon ng konkretong pagsusukat ng oras ng paglilingkod at kung magkano ang katumbas nito kung susukatin sa pera bilang ambag sa organisasyon. Dahil sabi niya na ang sukatan ng ambag ng isang volunteer ay ang dami ng oras nitong ginugol sa



**“SA MGA ATENISTA, BE ACTIVE CITIZENS. ALAMIN NA MAYROONG PEOPLE’S PARTICIPATION IN NATION BUILDING.”**

GINOONG TIMOTHY GABUNA
PANGULO NG PHILCV

trabaho at ang karampatang presyo nito kung ihahambing sa minimum wage. Nais din ni G. Gabuna na talakayin ang pangangailangan at pagkakaunawa sa salitang volunteer. Para sa kanya, ang volunteer ay taong nagkusà at malayang piniling maglingkod. Bilang isang volunteer, walang sweldo o karampatang gantimpala ang pagkukusà.

Simple raw ang pangangailangan ng isang volunteer, iyan ang makilala na tumulong siya sa komunidad sa pamamagitan ng kanyang serbisyo ay nagdulot ng saya sa kanya at higit sa lahat, naging mabunga para sa komunidad. Ngunit, kung sakaling malagay sa panganib o mapabilang sa isang aksidente ang isang volunteer, ano ang maaaring gawin ng organisasyon na kabilang siya? Maaari bang bigyan ng karampatang insurance ang mga volunteers? Ang planong pagbibigay ng insurance sa mga volunteers ay isa sa mga bagay na tinitignan at maaaring talakayin ng mga organisasyong tumatanggap at tumatakbo dahil sa pwersa mula sa mga volunteers.

Para kay G. Gabuna, ibinibigay na ng volunteer ang kanyang oras at talento, at ang organisasyon na dapat ang bahala sa pagbibigay ng pangangailangan sa kanyang pag-aambag sa komunidad. Ito’y para mawala ang pag-iisip na mayayaman lamang ang syang mayroong karapatang maging volunteer dahil kalimitang iniaangkop ang gawaing pagkukusà sa pagiging mayaman ng isang tao.

Sa kabilang banda, nakikita ni G. Gabuna ang iba’t ibang aspeto na maaaring magbigay-kulay sa papel ng PhilCV sa iba’t ibang mga NGOs at institusyon. Una, nais ni G. Gabuna na malaman ang plano ng gobyerno sa aspetong politikal, ekonomiko at sosyokultural upang malaman kung paano makatutulong ang PhilCV sa mga aspetong nabanggit. Ayon sa kanya, mayroong Philippine Development Plan (PDP) ang bawat pangulo at nais niyang sana’y maisama ang volunteering sa PDP ng gobyerno.

Subalit, binibigyang linaw niya na hindi dapat ilagay ang mga volunteers sa trabaho na maaaring magdala ng panganib sa kanilang buhay. Sabi ni G. Gabuna, hindi pulis ang mga volunteers at hindi rin dapat umasta na pamalit sa mga opisyal ng gobyerno ang mga volunteers. Sa higit na malawak na perspektibo, nais tuunan ng pansin ni G. Gabuna kung saan makatutulong ang PhilCV sa Sustainable Development Goals (SDG) ng United Nations (UN). Maaaring maging daan ang SDGs sa pagbibigay ng ideya kung anu-anong mga proyekto ang maaaring gawin ng PhilCV at mga problemang maaaring tugunan ng mga volunteers ng PhilCV.

Sa aspetong malapit sa mga Atenista, nais ni G. Gabuna na makipagtambalan sa mga organisasyong pangmag-aaral pati na rin sa pamantasan upang paigtingin ang damdaming nagkukusà sa mga Atenista. Mayroong aspeto ng pagkukusà ang mga organisayon ng Ateneo pati na ang NSTP ng Office of Social Concern and Involvement (OSCI) at ang mga ito’y syang maaaring pagmulan ng pagpapayaman ng damdaming mapagkusà sa mga Atenista.

Nakikini-kinita ni G. Gabuna na maaring gumawa ang PhilCV ng plano o disenyo na maaring ilapat sa mga organisasyon at NSTP ng Ateneo na paiigtingin ang kultura ng bayanihan. Nais niyang makita ng mga Atenista na hindi pabigat ang NSTP dahil ito ang kanilang unang pagsabak sa volunteering work. Kung lumayon at mapamahal sila sa pagiging volunteer, maaaring maalalayan ng PhilCV ang mga Atenistang ito sa kanilang pagnanais na maglingkod sa pamamagitan ng pagiging volunteer.

Kung kaya, may ibinigay na hamon si G. Gabuna, ‘di lamang para sa mga Atenista, kung hindi para na rin sa mga ordinaryong Pilipino. “Volunteering is a private initiative for public good. Extend your service to others who need it most” sabi niya.

Lahat ay mayroong kakayahang magkusà at maging volunteer. Inihayag pa niya na mayroong mga organisasyon mula sa ibang bansa ang pumupunta rito sa Pilipinas upang tulungan tayo. Hindi lamang kabataan mula sa ibang bansa ang nagiging volunteers. Sa Amerika, mayroong Retiree Seniors Volunteer Program (RSVP) na binubuo ng mga retiradong mga propesyunal na nagtutulung-tulong upang patuloy na maglingkod at tulungan ang kani-kanilang mga komunidad.

Sabi pa ni G. Gabuna na ang mga simpleng maybahay ay maaaring magsama-sama upang bumuo ng organisasyon ng mga volunteers, magbigay ng tulong sa kanilang komunidad at sa hinaharap, mapalawak ito sa ibang mga lugar. Hindi kailangang maging pangmalakihan agad ang pagtulong. Maaaring magsimula sa kani-kanilang maliliit na baryo o barangay at sa kalaunan, lumabas sa ibang mga lugar na maaaring nangangailangan din ng kanilang tulong.

Marami sa atin ang naghihintay pa sa mga nasa posisyon ng gobyerno na kumilos o mag-utos bago tayo kikilos. Ngunit, para kay G. Gabuna, hindi na kailangang hintayin ang gobyerno. Magkaroon ng sariling sipa, magkusà at umaksyon. Ipinaalala niya, “sa mga Atenista, be active citizens. Alamin na mayroong people’s participation in Nation Building”. Gamitin ang mga natutuhan sa loob ng silid-aralan at isabuhay ito sa pamamagitan ng paglilingkod sa kapwa. Aniya, “A nation that is kind, is a happy nation. Any act of kindness is volunteering. You might be volunteering, hindi mo lang alam.”

Nag-iwan ng mensahe si G. Gabuna patungkol sa kabataan at kahalagahan ng volunteering. “As we travel to that ideal Philippines na maunlad [at] progressive, gawin natin ang lahat ng pwede nating magawa. Magbiyahe tayo, maglingkod. Kung gusto mo, magpa-elect ka. Pero para sa akin, kung gusto mong maglingkod, ‘di na kailangan maglisensya [maging pulitiko]. Magvolunteer ka. Hindi ka pa madaya at gagastos ng pera”.

Isang salamin ang volunteering ng isang mahalagang aral na matutuhan mula kay San Ignacio. Ang katagang “To give and not to count the cost.” at “Men [and women] for others” ang siyang nagpapatibay sa damdaming mapagkukusà. Mahalaga rin na malaman ng mga tao, lalo na ng mga Atenista na kung tanungin man sila kung bakit sila naglilingkod at nagkukusà, na ang dapat nilang maging sagot ay dahil nag-uumapaw ang biyaya sa kanila at hindi nila maiwasang ibahagi ang pagpapalang ito sa ibang tao.

Sa pamamagitan ng pagbibigay ng sarili nang walang kapalit, nagiging instrumento tayo ng pagbabago at inspirasyon ng pagkilos para sa pagpapaunlad ng bayan. At ang pagkukusà na tibobos sa pagmamahal dahil lubos ang pagpapala, maaaring makita ang kahalagahan at kahulugan ng paglilingkod para sa ikauunlad ng bayan.

Higit na mahalaga ang mensahe ni G. Gabuna patungkol sa pagkukusà sa mga magtatapos. Sa Alma mater song natin mayroong linyang syang sumasalamin sa paglilingkod: “Down from the hill, down to the world go I”. Sa kanilang pagtatapos, sana’y maisabuhay nila ang paglilingkod sa bayan.

Bumaba, bumabad at maglingkod: bumaba mula sa marangyang buhay, bumabad sa nangyayari sa lipunan at maglingkod upang tulungang bumangon ang mga nasa laylayan.



# BIYAHE TUNGONG SENTRO

***Sulyap sa mga dinadaanan ng isang paglalakbay***

SULAT NI **KING REINER PALMEA**
KUHA NI **GENESIS GAMILONG**
LAPAT NI **JULIUS GUILLERMO**

Isa sa aking paboritong panahon ng pagmumuni-muni ay tuwing buma biyahe ako mula probinsya pabalik ng Maynila. Makikita sa biyaheng ito ang iba't-ibang klase ng taong naghahangad ng mas magandang kinabukasan para sa kanilang sarili. Hindi nawawala ang lungsod kung pinag-uusapan ang magandang buhay. Lagi't laging tunguhin ng mga naghahanap ng mas magandang kinabukasan ang sentro—ang Maynila.

Isa lamang ako sa mga libu-libong estudyante na lumuluwas patungong Maynila upang mag-aral. Hindi biro para sa isang estudyante na ang iwanan ang kaniyang pamilya. Kalimitan, ang pinakamalungkot na bahagi ng paglisan ang pagpapaalam tuwing patungong Maynila. Madalas, lumiliban ang magulang ko mula sa trabaho para lang maihatid ako nang personal sa bus na aking sasakyan. Papabaunan ako ng masarap na pagkain, hahalikan at saka sasabihin ang hindi nakasasawang pakinggan na "Mag-aral ka nang mabuti, magpakabait ka, anak." Para sa kanila, iyon na ang pinakamahalaga. Kung sabagay, iyon naman talaga ang pinaka-importante lalo na kung naisasabuhay ang katagang iyon.

Bagaman tila may halong lungkot ang pagluwas ng Maynila, may mga positibo namang dulot ang pag-aaral sa sentro. Nakapagdadala kami ng panibagong perspektiba tuwing umuuwi kami sa probinsya. Hindi naman masalimuot lagi ang biyahe. Minsan sa bus nagkikita ang mga matagal nang hindi nagkita na magkakaklase sa hayskul o elementarya. Mayroon ding mga nakakasabay na mga guro. Mayroon ding mga nakakasabay na mga kilalang tao sa bayan katulad ng doktor ko o kaibigan ng magulang ko.

Isa lamang ang mga estudyante sa mga tauhan ng biyaheng ito. Mayroong mga "reserved passengers" na madalas ko nadaratnan sa pagsakay ng bus. Madalas, sila ang mga propesyunal tulad ng doktor o nars na naghahanap-buhay sa Maynila na kilala ko galing sa bayan. Mayroon ding mga guro at mga nagtatrabaho sa korporasyon bilang accountant. Hindi ko masasabi kung sinu-sino ang mga reserved passengers tuwing hindi peak season ng biyahe sapagkat hindi naman ako umuuwi nang madalas kapag hindi mahabang bakasyon. Kadalasan ang mga reserved passengers ay mga umuwi lamang sa probinsya dahil Pasko ngunit sa kamaynilaan talaga nakatira. Sila iyong mga bumisita sa kanilang nanay, tatay, o lolo at lola lalo pa tuwing bakasyon. Minsan ang mga pasaherong ito, may mga malalaking kartong dala pauwi na pabaon ng mga taga-probinsya. Dala rin nila ang kanilang mga anak siguro dahil nagbakasyon din sa aming bayan.

Hindi pa nakalalabas ang bus na aking lulan sa aming bayan, nagsakay na muli ito ng isang mag-asawa. Umiiyak ang asawang babae at kitang-kita ko sa aking bintana ang hagulgol at pagpigil ng kaniyang mga anak sa kaniyang pag-akyat ng bus. Pag-upo sa bus ay nagyakapan ang mag-asawa at natulog na lamang; nakasandal ang asawang babae sa balikat ng kaniyang asawa habang humahagulgol.

Hindi maiiwasan ang mga ganitong eksena sa bus. Kasabay ng positibong pag-aabang ng pagdating sa sentro ang mga pangamba sa daratnan at sa mga naiwanan. Para sa umiiyak na ale, iyon ay kaniyang mga anak at mga 'di-katiyakang dala ng Maynila. Makikita talaga sa bus ang mga taong naglalakas loob lisanin ang kanilang mga tahanan upang makipagsapalaran.

Isa naman sa mga paboritong gawin ng mga pasahero ay matulog. Nakakapagod ang pagbiyahe kung kaya't kahit ang pagtulog ay nakakapagod din. Ito ang pinakamabisang pampalipas oras sa mahabang biyahe. Kung puwede nga lang, matulog ako at paggising ko sa umaga, nakarating na ako. 'Kay bagal kasi talaga ng oras kung hindi natutulog.
Nagising ako nang kami ay huminto sa Tuguegarao, ang kabisera ng Cagayan. Narito kasi ang isa sa mga pangunahing istasyon ng Florida Bus line. Tumigil ang bus upang kumain ng hapunan ang mga tsuper. Dito sinasamantala ng mga "chance passengers" ang mga upuang bakante. Ang mga chance passengers ay mga pasaherong hindi talaga nagreserba ng upuan at umaasa lamang sa mga bakanteng upuan. Kumbaga, sila 'yung nagiging kawawa tuwing peak season ng uwian dahil wala silang maupuan. Suwertehan ang pagiging chance passenger; kung hindi ka makahanap ng bus na may bakanteng upuan, malamang matatagalan ka makauwi.

Madalas ang mga pasaherong ito ay lumuluwas para lamang sa maiikling biya`he—sila madalas iyong mga hindi naman talaga tutungo sa Maynila kundi pupunta lamang sa mga madaraanang probinsya. Kung galing sa Aparri, Cagayan, sila iyong mga pumupunta lamang ng Isabela, Quirino at Nueva Vizcaya. Mayroon namang pumupunta ng Maynila ngunit bihira lamang.

Pagkatapos kumain ng mga tsuper, nagsimula nang bumiyahe muli ng bus. Ngunit, hindi pa kami nakakalabas ng Cagayan ay tila nahihirapan na itong patakbuhin ng mga tsuper. Hindi makatakbo nang maayos ang bus at kung pinapaandar nang mabilis ay mayroong kakaibang tumutunog sa makina. Dahil sa pangamba, bumalik muli kami sa Tuguegarao nang matingnan ang kondisyon ng bus.
May sira ang bus na aking sinasakyan. Kailangan daw itong ayusin upang hindi magdulot ng aberya sa daan. Naalala ko tuloy bigla ang mga

**"KASABAY NG POSITIBONG PAG-AABANG NG PAGDATING SA SENTRO ANG MGA PANGAMBA SA DARATNAN AT SA MGA NAIWANAN."**



paalala ng aking nanay at tatay na dapat akong mag-ingat. Pumasok sa aking isipan ang mga posibilidad na baka masiraan ang bus sa daan at tumigil kami sa isang liblib na lugar sa hatinggabi, at dahil tulog ako, baka manakawan ako.

Natatakot ako na baka tumigil ang bus na maging sanhi ng disgrasya. Upang pakalmahin ang aking sarili, isa lamang ang naisip kong paraan: makialam. Bumaba ako upang malaman ang sira ng bus.

Pagbaba, nagtanong ako sa isang chance passenger na hiniraman ng tsuper ng flashlight na nakilala ko bilang si Kuya Melvin. "Barado yung injection pump. Alam ko 'yan kasi may sasakyan ako. Baka may nahulog na plastic sa loob ng tangke," ang sabi niya. Mahihirapan daw umakyat ng Sta. Fe, Nueva Vizcaya kung hindi raw matatanggal iyong bara sa makina. Minsan, ang lugar na ito mahirap akyatin para sa mga ibang sasakyan lalo pa na isa itong lugar na madalas pangyarihan ng aksidente. Mas mabuti na raw na masiraan kami rito ngayon upang hindi na magkaaberya mamaya sa daan.

Umalis ang bus muli mula Tuguegarao. Umasa ako na hindi na nga titigil ang bus. Subalit tumigil muli ito sa bandang Santiago, Isabela makalipas lamang ang tatlong oras pagkatapos nito maayos. Dahil hindi pa makatulog, bumaba na lamang muli ako.

Narinig kong nagbibiruan ang mga drayber na baka raw sa susunod na araw na kami makararating sa Maynila kung kailan coding pa raw sila. Inulit lamang ang kanilang ginawa upang ayusin ang sasakyan: pinapatay ang makina at hinipan ang hose ang tangke upang malinisan. Umandar na muli ang sasakyan. Hindi lamang ito isang beses tumigil matapos ayusin. Tumigil ito nang anim na beses pa. Kaya kaming mga nasa loob, tumatawa na lamang sa pagbibirong, baka abutin na kami ng dalawang araw sa daan.

Ito 'yung mga panahon na mapapahanga ka talaga sa lakas ng mga drayber ng bus. Hindi lamang mahirap ang pagmamaneho ng pagkalaki-laking sasakyan, mahirap din magmaneho sa loob ng humigit-kumulang 12 oras. Dalawang tsuper kadalasan ang nasa bus na nagsasalitan sa pagmamaneho. Kung pagod na ang isa, titigil siya upang gisingin ang isa pa at nang maituloy ang biyahe.

Ang konduktor sa bus naman ang madalas ring mekaniko katulad ng konduktor sa biyahe kong ito. Ilang beses tumigil ang biyahe upang linisan niya ang tangke. Kadalasan pinapasok niya ang kaniyang kamay sa lalagyan ng krudo upang matanggal ang bara. Hangad lang naman nilang mga tsuper ay makarating sila at kaming mga pasahero nang matiwasay sa Maynila.

Hindi naman ako kinakabahan dahil hindi naman ako nagmamadali. Enlistment lang naman ang hinahabol ko. Ngunit ang mag-asawang kababayan ko ay tila may hinahabol. Kinakabahan ang asawang babae na baka maiwan daw siya. Tinanong ko kung ano ang hinahabol niya. Ang sabi niya, hinahabol daw niya ang kaniyang flight patungong Hong Kong. Nag-apply raw kasi siya bilang domestic helper doon. Pumupunta pala si Ate



sa sentro upang lumuwas ng bansa at magtrabaho para sa kaniyang mga iniwang anak at pamilya. Nagiging daan ang pagpunta niya sa sentro upang makamit niya ito.

Nakarating kami ng istasyon ng Cubao ng alas-dyes ng umaga. 17 oras ang biyahe na iyon na kadalasan ay 11 oras lamang depende sa takbo. Marami kasing naging aberya sa daan. Pasasalamat lang naman ang aking nararamdaman tuwing nakakarating nang matiwasay, kahit natagalan sa biyahe, kahit nangangawit na ang aking puwit, kahit sumasakit na leeg ko, at kahit hindi ako nakatulog. Ang kahulugan ng matagumpay na biyahe ay isang ligtas na biyahe.

Pagbaba ko nang bus, may mga nakaabang na mga tsuper ng taxi. Madalas ito iyong mga drayber na hindi gumagamit nang metro at sasabihing "ma'am 200 [piso] na lang po" kahit sa UP lang naman ang punta, kahit Linggo, walang masyadong trapik, at kahit 120 piso lang naman talaga ang halaga ng pamasahe kung gagamitin ang metro ng kaniyang taxi.

Akala kasi ng mga ibang nagmamaneho ng taxi na walang alam ang mga taga-probinsya pagdating sa presyo ng pamasahe sa taxi. Noong unang beses na ako'y lumuwas ng Maynila nang mag-isa, nabiktima na ako nito kaya tinitiyak ko ang dalawang bagay bago pumasok sa taxi: una, may metro siya, at pangalawa, susundin niya itong metro.

Minsan nagsasalita pa ang mga taxi driver na ito ng Ilokano para lamang makuha nila ang iyong loob at tatawagin ka pang kababayan. "Mas lolokohin mo pala ang iyong sariling kababayan ano? Mas madaling lokohin ang kung sino ang pamilyar?" minsan kong tanong.

May lumapit sa akin na isang tricycle. Nakita ng tsuper ang dalawang maleta at gitara kong dala at sinabi niya, "sir, tricycle ka?" "Nakita mo ba ang karga ko kuya? Baka hindi kaya," ang sagot ko. "Kaya 'yan sir," ang sagot niya. Pumayag naman ako at nang tinanong ko kung magkano, ang sabi niya, "Isang daan na lang ser, Buena Mano kita."

Gusto kong tanungin kung sigurado siya pero hindi ko na tinuloy. Mukhang masaya naman siya nang sabihin niya iyon kaya pumayag ako. Sumakay ako at tinanong niya kung saan ang gusto kong daan patungong Katipunan. Ang sabi ko, "diretso."






# URONG SULONG: KUWENTO NG KARITON SA KATIPUNAN

*Alamin ang kuwento ng dalawang mangangariton sa Katipunan at ang kanilang mga karanasan sa pag-iikot sa mga kalye ng lungsod ng Quezon at paninirahan sa ilalim ng tulay.*

SULAT NI **MARY GRACE AJERO**
KUHA NI **EDWIN SEGISMUNDO**
LAPAT NI **TIN VERGEL DE DIOS**

Sa ilalim ng tirik na araw sa mausok at nagsisikipang kalsada sa Kamaynilaan makikita sila. Minsan, matatagpuan sila sa makikitid na eskinita na malayo sa mga mata ng mga nagmamadaling naka-uniporme patungo sa trabaho at paaralan at sa mga binubugang usok ng nagsisidaanang sasakyan; o kaya naman, nag-iikot sa bawat kalye, humihinto sa bawat kalakal na maaaring pagkakitaan at makadagdag sa salaping ipapanlamang tiyan.

Tulak-tulak ang karitong gawa sa pinagtagpi-tagping kahoy at pinulot na gomang ginawang gulong, sinusuyod ng mga nangangariton ang bawat kalye at panulukan upang kumalap ng mga kalakal sa daan. Iniiwan nila ang kanilang mga tahanan at nagpapalipas ng oras sa kalsada kasama ang kanilang kariton at kalakal upang makaraos sa araw-araw. Tila pangkaraniwang larawan na ng Kamaynilaan ang isang mataong lugar na mayroong mga nangangaritong naninirahan sa kalye. Ngunit bakit patuloy pa rin ang biyahe ng kariton sa siyudad?

## TSUPER NG KARITON

Sa kahabaan ng Katipunan, sa ilalim ng tulay kasama ng mga tambak na kagamitan ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA), malapit sa Monasterio de Santa Clara, nagpapalipas ng araw ang mga nakilala kong nangangariton. Sa loob ng halos dalawang dekada, ito na ang naging pangalawang tahanan ng magkaibigang sina Rey Cabatuan, 50 at Robert Dulor, 25. Nakasanayan na nilang ituring na parang bahay ang ilalim ng tulay kung saan sila naglalatag ng mga karton at banig upang gawing higaan pagkatapos ng mahaba at nakapapagod na pangangariton. Ang matatayog na pundasyon ng tulay ang kanilang poste at ang barikadang gawa sa metal na pinagsasabitan ng paso ng mga lantang halaman ang kanilang pader.

Para sa kanila, ang malawak na kwadradong ito ang kanilang kwarto habang para sa nakararami, U-turn slot ito ng mga sasakyan. Kasama ang iba pang lumisan sa kanilang tirahan na mga tindera ng sampaguita at itlog na inaalay sa kalapit na simbahan, mga takatak boys na nagbebenta ng sigarilyo at kendi sa kalsada, mga barker at mga dispatser sa terminal ng jeep sa kabilang bahagi ng Katipunan, dito naninirahan sila Mang Rey at Robert araw-araw.

Sa pagtungo ko sa ilalim ng tulay sa Katipunan, nadatnan ko sila Mang Rey at Robert na nagpapahinga habang nakaupo sa sementong may latag na karton. Sa tabi ni Mang Rey ang isang karitong may lamang mangilan-ngilang plastik na bote ng juice at ilang piraso na mga nakatuping karton. Wala na halos kalakal na laman dahil naibenta na raw at napaghatian na nilang dalawa.

Tubong Bagumbayan sa lungsod ng Quezon si Mang Rey. Sa kabila ng katandaan, pinipili pa rin niya na magtulak ng kariton araw-araw upang tustusan ang pangangailang nilang mag-asawa na tindera ng sampaguita sa simbahan. Nagsimulang mangalakal si Mang Rey noong nawalan siya ng hanapbuhay bilang construction worker. Pasulpot-sulpot lang daw umano ang trabaho niya noon dahil sa pagiging kontraktwal at hindi palaging pagtanggap sa kanya sa mga pinapasukang trabaho. Sa walong oras na pagtatrabaho, halos 110 piso lang ang natatanggap niyang suweldo kada araw, na ayon sa kanya, hindi sapat para tustusan ang kanilang pangangailangan sa isang araw.

Nang mawalan ng hanapbuhay, nagsimulang mag-istambay sa Katipunan si Mang Rey. Dito niya nakilala si Robert na kasabay niyang mangalakal sa UP, Balara, Aurora, Cubao at sa iba pang kalapit na lugar. "Malakas pa naman ako nun. Nakita ko lang sa mga tao ang pangangalakal. Sabi ko, bakit 'di subukan?, sabi ni Mang Rey.

Hindi tulad ni Mang Rey, namulat si Robert sa pangangariton sa murang edad. Lumaki siya sa munting tirahan sa Malanday, Marikina kasama ang kanyang pamilya. Sa edad na walo, lumilibot na sila ng kanyang mga kapatid sa mga kalapit na barangay sa kanilang tirahan upang mangalakal ng bote, dyaryo, bakal at karton gamit ang kanilang side car. Bagaman tutol ang kanyang ina sa pangangalakal, tumatakas umano sila upang kumita ng pera. Magpahanggang ngayon, hindi pa rin buo sa loob ni Aling Lina, ina ni Robert ang pangangariton nito.

Nagtitinda ng itlog at sampaguita si Aling Lina sa Katipunan. Ayon sa kanya, sa pamamagitan ng pagtitinda, nakikita niya ang kanyang anak kahit nangangariton ito at hindi umuuwi sa kanila. Bago nangariton si Robert, naranasan niya ring magtrabaho bilang construction worker at mangamuhan bilang "boy." Subalit hindi umano sapat ang 200 pisong kita niya sa araw-araw. Kung kaya't napagpasyahan niyang bumalik sa nakagawiang trabaho – ang pangangalakal.

**WALANG KATAPUSANG BIYAHE**

Nagsimula ang pangangalakal nina Mang Rey at Robert sa pamamagitan ng "pagsasako." Dala-dala ang ilang piraso ng sako, naglilibot sila sa mga kalye sa lungsod Quezon upang mangalap ng bote, dyaryo, karton at iba pa na maaaring ibenta sa mga junkshop. Nang nakaipon ng pambili ng kahoy at goma, bumuo sila ng sariling kariton.

Magsisimula ang karaniwang araw para sa kanila ng ikaw-11 ng umaga. Pagkagising, agad na pagbubukod-bukorin nila ang mga nakalakal, dadadlhin sa junkshop at saka makikipagkasundo sa kabuuang halaga ng kalakal. Kapag nakapagbenta na bibili sila ng pagkain sa karinderya. Minsan, makikigamit sila ng banyo sa gasolinahan upang makaligo. "Minsan nakakalimutang maligo. Kapag umulan na lang, ganun," patawang sabi ni Mang Rey. Dadalhin na lamang ang mga damit na labahan sa kanilang bahay paminsan-minsan kapag may ipon na mula sa pangangalakal.

Pagkagat ng dilim, gagalaw na ang mga gulong ng kariton. Magsisimula nang pumulot ng bote, mangalakal sa basurahan para sa mga dyaryo at iba pa na maipapapagpapalit sa pera sa junkshop. Mula alas sais ng gabi hanggang alas kuwatro ng umaga, paikot-ikot sila Mang Rey at Robert sa bawat tahimik at madilim na kalye sa pag-asang mapuno ng kalakal ang kariton upang may maipanlaman tiyan kinabukasan. Paglabas ng araw, nasa ilalim na sila ng tulay sa Katipunan, natutulog sa saping banig katabi ng mga naipong kalakal.

Bawat araw, ganito ang takbo ng bawat oras para kila Mang Rey at Robert. Ngunit tulad ng kahit anong biyahe, may mga pagkakataong malubak ang daan at kailangang tumigil. May mga pagkakataong nakumpiska ang kariton nila ng mga opisyal ng munisipyo ng lungsod Quezon o kaya minsan mula sa Barangay ng Loyola Heights. Ayon kay Robert, "'Di na ibabalik [ang kariton]. Tutubusin namin. Ipapatubos nila ng dalawang libo. E hindi na namin magagawang tubusin yun. Magagawa pa ba namin yun? Sa halagang dalawang libong piso?"

Sapat lang umano ang kinikita nila para sa pang araw-araw na gastusin kung kaya hindi nila kailanman nagawang tubusin ang nakukumpiskang kariton sa kanila. Sa halip, kumakalap na lang muli sila ng mga kahoy at goma upang bumuo ng panibagong kariton. Sa mga araw na wala pa silang kariton, bumabalik sila sa "pagsasako." Isa pang hindi makalilimutang karanasan ni Mang Robert ang noong pagnakaw sa side car niya sa bahay nila sa Bagumbayan.

Ayon sa kanya, malaking tulong ang side car dahil mas madaling mag-ikot sa mga kalye habang pumapadyak kaysa sa pagtutulak ng karitong puno ng kalakal. Matapos nito, napilitan siyang bumalik sa pagsasako. "Mahirap talaga magsako. Kasi bitbit mo lahat e. Hindi mo naman pwedeng kunin lahat ng kalakal kasi 'di mo na mabitbit. Pipilitin mo talaga minsan na bitbitin lahat. Tapos ibabagsak sa pagbebentahan, at tapos, babalikan ulit yung mga natirang kalakakal sa daan. Panibagong lakad na naman", ani Mang Rey.

**"MAHIRAP TALAGA MAGSAKO. KASI BITBIT MO LAHAT... TAPOS IBABAGSAK SA PAGBEBENTAHAN, AT TAPOS, BABALIKAN ULIT 'YUNG MGA NATIRANG KALAKAL SA DAAN. PANIBAGONG LAKAD NA NAMAN"**

MANG REY
NANGANGARITON

Hindi lang sa pangangariton dumaranas ng pagsubok sina Mang Rey at Robert. Maging ang paninirahan mismo sa ilalim ng tulay ay isang malaking hamon para sa mga tulad nilang umaasa sa pangangariton. Makailang beses na umanong nagkaroon ng krimen gaya ng holdapan sa ilalim ng tulay. Sa mga sitwasyong ito, madalas silang pagtanungan ng mga pulis at opisyal ng barangay tungkol sa nasabing pangyayari.



**"BAKIT KAMI DADAMPUTIN? WALA NAMAN KAMING KASALANAN. MAINIT PA ULO NILA [MGA PULIS], KAMI PAGBABALINGAN. WALA KA NAMAN MAGAWA... PARANG TAU-TAUHAN KA LANG DITO, PARANG UTUSAN."**

ROBERT DULOR
NANGANGARITON

Ngunit may mga pagkakataon na sila mismo pinipilit na isangkot sa krimen sa lugar. "Pero madalas tinatanong lang naman sa 'min kung may nakita kami ganun. Ang gusto kasi nila minsan pag may holdapan, kami ang dadamputin. Eh bakit kami dadamputin, e wala naman kaming kasalanan. Mainit pa ulo nila, kami pagbabalingan. Wala ka naman magawa e, ano ka lang e, parang tau-tauhan ka lang dito, parang utusan," paliwanag ni Robert.

Para naman kay Mang Rey, alam niyang nais lamang silang paalisin ng mga nakakataas sa ilalim ng tulay kung kaya minsan, ipinipilit sa kanila ang krimeng wala naman silang kinalaman. "Minsan ipapagpilitan na kasama ka sa mga may ginawa. Pero minsan gusto lang nilang hulihin talaga ang mga nandito eh," ani Mang Rey.

"Malaki talagang tulong ang pangangariton. [Mayroong] pambili ng pangkain, 'yung sapat sa araw araw. Nakakatulong din ako kay nanay. Pambili ng bigas. Nakakaraos din. Basta maispag lang talaga mag-ikot. Maraming makakalakal", sabi ni Robert. Ito marahil ang dahilan kung bakit patuloy na binabalik-balikan nila Mang Rey, Robert at iba pang tulad nilang umaasa sa pangangalakal ang pagtutulak ng kariton.

Sa gitna ng panganib sa kalsada tuwing malalim ang gabi at nangangalakal at sa paninirahan sa ilalim ng tulay, hindi kailanman naisip nina Mang Rey at Robert na tumigil dahil kahit mahirap, wala naman daw silang ibang alam na mapagkakakitaan kung hindi ang pangangariton lamang.

# BARKER: SILANG MGA TAGASILBI NG MGA HARI NG KALSADA

*Higit pa sa pagtatawag ng tao at pagbibilang ng salapi ang mga kuwento ng mga barker.*

SULAT NI **ABEGAIL JOY Y. LEE**
LAPAT NI **JOHN JOSEPH C. SILVA**

Katipunan: Sa isang espasyong binubuo ng mga abala at madalas na nagmamadaling mga pasahero, may mga boses na tumatawag ng pansin na tila ba inaanyayahan tayong pasukin ang maliit na mundo ng mga hari ng kalsada—ang mga manong at aleng barker ng BKJODA, at KKJODA sa ilalim ng Katipunan flyover.

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga barker sa biyahe ng isang dyip. Boses ang kanilang puhunan upang tulungan ang mga tsuper na punuin ang dyip bago ito bumiyahe. Nangongolekta rin sila ng bayad ng mga pasaherong sasakay. Sa kabilang banda, ginagabayan din nila ang mga pasahero na matunton ang kanilang pupuntahan. Sa kasong ito, ang mga barker ang nagsisilbing tulay sa pagitan ng tsuper at pasahero.

Ang BKJODA at KKJODA ay dalawang magkaiba ngunit magkatuwang na samahan ng mga tsuper, dispatcher, at barker ng mga dyip na may rutang Katipunan-UP Diliman. Ang pinagkaiba ng dalawa, hanggang sa bakod lamang ng UP Diliman ang biyahe ng BKJODA.

Ayon kay Bb. Dana Buñag ng Office of Social Concern and Involvement (OSCI), nasa walo hanggang siyam na taon nang katuwang ng Ateneo ang BKJODA at KKJODA. Sila ang direktang pinag-aarkilahan ng dyip sa mga panahong kailangan ng masasakyan ng mga mag-aaral na bibiyahe tulad ng sa NSTP. May pagkakataon namang maranasan ng mga mag-aaral na nasa ikatlong taon ang pagbabarker sa kanilang JEEP (Junior Engagement Program) na bahagi ng Integrated Ateneo Formation (InAF).

Dahil may samahan ang mga barker sa sakayan sa ilalim ng flyover ng Katipunan, may nakatokang barker na magtatawag sa partikular na oras, & may sahod o butaw silang natatanggap kada araw. 12 oras na nasa sakayan ang mga barker, mula alas-singko ng madaling araw hanggang alas-singko ng hapon, ngunit ginagabi sila lalo na kapag 'rush hour'. Nagsasalit-salitan ang tig-apat na barker ng BKJODA at KKJODA sa buong maghapon. Sa kabilang banda, apat na oras naman kada araw, 16 na oras sa kabuuan, ang ginugugol ng mga Atenistang nagtatrabaho bilang barker para sa kanilang JEEP.

Si Mang Edgar, mas kilala sa palayaw na Mang Puti, ay isa sa mga barker ng KKJODA. Halos tatlong dekada na niyang teritoryo ang ilalim ng Katipunan flyover at hindi alintana ang nalalanghap na polusyon sa lugar. Ibinahagi ni Mang Edgar kung paano siyang nagsimula bilang utusan ng mga tsuper noong siya'y binatilyo pa lamang, na siya'y paglilinisin ng mga dyip kapalit ang maliit na halaga upang may maipandagdag-tulong sa kanyang pamilya noon.

> "ANG GALING NA NAGIGING KABAHAGI NA RIN ANG ATING MGA MAG-AARAL SA SAMAHAN NG ISANG PAMILYA, SA ILALIM NG TULAY."
>
> DANA BUÑAG, OSCI

Nang magtagal ay napabilang siya sa KKJODA at naging isa sa mga barker ng samahan. Maliban sa butaw na 300 na nakukuha niya mula sa asosasyon sa maghapon, inaabutan sila ng 7 piso ng mga tsuper ng bawat dyip na kanilang mapapapunuan, kaya may mga araw (holiday) na matumal ang sakay na pasahero.

Sa KKJODA at BKJODA, ang mga barker na rin ang nangongolekta ng bayad ng mga pasahero. Sa 29 taon niyang pagbabarker, sumubok si Mang Puti ng ibang trabaho tulad ng pagiging trabahador sa construction site ngunit iba pa rin aniya ang sayang naidudulot ng pagtatawag ng pasahero para sa dyip. "… Itong markang nasa gitna ng palad ko, tulad ng sa kasama ko [barker], nanggaling yan sa baryang kinokolekta namin, nagbibiruan pa kaming kamay to ng anakpawis, pero masaya, ramdam kong bahagi talaga ako ng isang pamilya," pagbabahagi ni Mang Puti nang ilahad niya ang kanyang palad habang nagkukwento tungkol sa karanasan ng pagbabarker.

Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay ng Ateneo OSCI sa BKJODA at KKJODA, nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na danasin kahit sa maikling panahon ang buhay ng mga barker. Ibinahagi rin ni Bb. Buñag ang kuwento sa kanila ng ibang barker tungkol sa mga mag-aaral na nagiging barker para sa JEEP.

Sa simula ay nangangapa pa ang mga mag-aaral at sumusubok na makisabay sa mga gawain ng barker, pero pagdating ng huling araw, makikitang magagaling na silang maghawak ng barya.

May mga pagkakataong nag-aasaran ang mga barker ng BKJODA at KKJODA, nakikipagkumpetensiya sa isa't isa habang nagpapaunahan sa pagtatawag ng pasahero ang mga Atenistang tila kumakatawan sa katuwaang 'karerahan' ng BKJODA at KKJODA.

Natutuwa rin ang OSCI sa mainit na pagtanggap ng magkabilang panig ng mag-aaral at mga barker sa isa't isa, "Ang galing na nagiging kabahagi na rin ang ating mga mag-aaral sa samahan ng isang pamilya, sa ilalim ng tulay." May mga mag-aaral na bagamat tapos na sa kanilang JEEP ay bumabalik-balik pa rin, nagdadala ng pagkain ang ilan, at nakikipagkamustahan sa mga barker na minsan ay nakasama nila.

Dagdag pa ni Bb. Buñag, nagiging pagkakataon na rin ng mga barker na makapagpahinga nang kaunti sa




apat na oras na paghahalili sa kanila ng mga mag-aaral. Wala mang direktang pagbigay ng anumang bagay sa mga katuwang na samahang ito, naniniwala ang OSCI na ito ang mga hakbang na maaaring gawin upang mamulat ang mga Atenista sa iba't ibang mukha at sektor ng ating lipunan at upang matulungan din sila.

Sa pagdanas ng pagbabarker ng mga mag-aaral, mas nabibigyang pansin ang madalas na naisasantabing sektor sa transportasyon—silang mga tagapagsilbi sa mga hari ng kalsada. Madalas na naibabalita ang mga pagprotesta ng mga tsuper ng dyip sa iba't ibang isyung pantransportasyon, halimbawa na lamang ang kanilang paghiling ng pagtaas ng singil sa pamasahe.

Kung iisipin, ni wala ngang opisyal na samahan ang mga barker na katulad ng FEJODAP (Federation of Jeepney Operators and Drivers Association of the Philippines) o Pasang Masda. Kung hindi sapat ang kinikita ng mga tsuper dahil nagbabayad pa siya ng boundary sa kanyang operator, ano na lamang ang matitira sa barker na nanghihingi lamang ng kaunti mula sa mga tsuper ng dyip? Paano pa kaya ang mga barker na hindi naman kasapi ng samahan o asosasyon na katulad ng sa BKJODA at KKJODA?

Bagamat may mga kaakibat na mga hamon at pagkukulang ang mga barker na kasapi ng mga nasabing samahan, mainam na naisasatinig pa rin nila ang mga ito sa pamamagitan sistemang kanilang kinabibilangan. Nariyan ang kanilang mga katrabahong dispatcher, tsuper at kapwa barker. At sa pagiging miyembro nila ng KKJODA at BKJODA, katuwang na rin ng Ateneo OSCI, nabibigyan sila ng sapat na atensyon, marahil maging ang kita at o benepisyo bilang mga barker na kabahagi ng samahan.

Paano na lamang ang mga manong na nagtatawag sa kabilang bahagi ng Katipunan? Tulad ni Mang Puti, sila rin ay mga barker na namumuhunan sa kanilang malalakas na boses at



“ITONG MARKANG NASA GITNA NG PALAD KO, NANGGALING ‘YAN SA BARYANG KINOKOLEKTA NAMIN, NAGBIBIRUAN PA KAMING KAMAY ‘TO NG ANAKPAWIS, PERO MASAYA, RAMDAM KONG BAHAGI TALAGA AKO NG ISANG PAMILYA.

MANG PUTI, BARKER

matitibay na baga upang ipagpatuloy ang operasyon sa sakayan.

Halimbawa na lamang si Mang Hernan at Mang Richard, mga barker din sa Katipunan ngunit kaiba kay Mang Puti, hindi sila kabilang sa kahit anong samahan. Sila ang mga barker na nasa kanto ng Aurora Boulevard at Katipunan. Dito, paunahan sila sa pagtatawag ng pasahero sa mga nagdaraang dyip, umaasa lamang sa inaabot na barya ng mga tsuper na napapatigil sa daan.

May mga pagkakataon nga, ani Mang Hernan, na tinatakbuhan sila ng mga tsuper matapos nilang papunuan ang dyip nito ng mga pasahero. Madalas ay hinahayaan na lamang nila ang mga pagkakataong ito dahil wala na rin naman daw silang magagawa. “Basta kami, ginagawa namin nang maayos ang trabaho namin, e mabuti na rin na may ganito kaming hanapbuhay para may maipakain sa pamilya ko,” dagdag pa ni Mang Richard.

Nagsimulang magtawag si Mang Richard nang sinamahan niya ang kanyang nakababatang kapatid na magtinda ng sampaguita sa bahaging iyon din ng Katipunan tatlong taon na ang nakakaraan. Naibahagi rin ni Mang Richard ang ilan sa kanyang mga di malilimutang karanasan sa kanyang tatlong taon ng pagbabarker. Nariyan ang ilang aksidente tulad ng pagkakagulong ng dyip sa kanyang paanan habang siya'y nagtatawag.

Malay sina Mang Hernan at Mang Richard sa peligrong dulot ng kanilang pagtatawag sa kalsada ng Aurora, lalo pa't kita ang higpit ng kompetensya sa pagpapaharurot at pag-uunahan ng mga dyip sa sakayan. Higit na dama ang tensyon sa ganitong uri ng abalang espasyo, maya't maya ay masasasikhan na lamang natin ang pananabik ng mga barker na ito na makipagsabayan sa alon ng mga dyip ning nagdaraan, may maipandagdag lamang sa kanilang ipon at bulsa.

Sa loob ng isang araw, nasa humigit-kumulang 200-300 piso ang kanilang inuuwi sa kanilang pamilya. Maliban dito, wala na silang nakukuhang iba pa, kung kaya't idaraan na lamang nila sa pagdiskarte. Buong maghapon silang nasa bangketa kung kaya't sinasamantala nila ang mga tinatawag na rush hour sa umaga at hapon kung saan dagsa ang mga pasaherong papasok at uuwi mula sa paaralan at trabaho.

Kung bakas sa sistema ng BKJODA at KKJODA ang pagturing sa kapwa barker bilang kapamilya, higit na umiiral ang kompetensya sa pagitan ng mga nagtatawag sa bahaging ito ng Katipunan. Ayon kay Mang Richard, hindi naiiwasan ang ilang pagkakataon na nagkakasagutan sila ng mga tsuper, kapwa barker, at maging ng ilang pasahero.

Sa ating biyahe, marami tayong nadaraanang kadalasang dinadaanan lang natin talaga—hindi napapansin ang kanilang halaga sa katiwasayan at kaayusan ng ating paglalakbay at napupuna lamang natin sila kapag tayo ay naaabala na. Maaaring dala ito ng labis na pagkaabala, o pagkabagot dahil sa masalimuot na problemang pantrapiko sa ating bansa.

Tingnan din sana natin ang biyaheng tinatahak ng ating mga kapatid na barker. Marahil ay hindi lang natin alam na sa likod pala ng kanilang bawat pagtawag ay may mas malalim silang mensahe na nais iparating sa atin: paano kaya natin matutugunan ang pagtawag ng mga barker?

# TRANSISYONG TRANSGENDER BILANG ISANG PAGLALAKBAY



SULAT NI **ANGEL STINSON**
SINING NI **PIE TIAUSAS**
LAPAT NI **PIE TIAUSAS**

Isang laganap na paniniwala sa ating lipunan ang pagiging dikotomiya ng kasarian. Simula sa kabataan, idinidikta ng iyong maselang bahagi ng katawan ang pagkilos, pagsalita, pagdamit, at walang katapusang katangiang dapat mong sundin kung gusto mong maturing bilang "normal."

Kasalungat sa paniniwalang ito, mas komplikado ang konsepto ng kasarian. Binubuo ito ng isang buong espektra kumpara sa makikitid na mga pangkat na ipinipilit sa mga indibidwal. Nahuhumaling ba tayo nang husto sa pagpapangkat ng mga bagay at katangian na hindi natin maunawaan ang malawak na diwa ng ating pagkatao?

Sa paglaganap ng makikipot na kategoryang ito, namamarhinalisa ang mga hindi umaakma sa pamantayan ng lipunan. Kabilang dito ang mga taong hindi umaayon ang kasarian sa parteng madalas ipinapares dito. May mga babaeng ipinanganak nang may ari at hindi komportable rito, at mayroon din mga hindi ikinakahon ang sarili sa kahit anong kasarian.

Kung tutuusin, maraming maaaring maging identidad ng isang tao na hindi sumasang-ayon sa kaniyang bahagi ng katawan. Isa na rito ang pagiging transgender.

## REPRESENTASYON

Madalas silang tinutulak sa likod ng natatanaw, lalo na sa media. Tila hindi natin nauunawaan ang konsepto ng kanilang identidad dahil hindi naipapakita sa atin ang kanilang mga kuwento. Hindi lubusang batid ang kanilang mga karanasan, mga paghihirap, at mga ambisyon.

Sa mga pagkakataon naman na ipinapakita ang mga taong transgender, kadalasan itong nasa konteksto ng panunukso at pagbibiro, dahil nakatutuwa umano ang pagiging totoo sa iyong sarili. Kung hindi man naka-ugat sa malisya, maaaring kapanagutan ito ng pagkukulang ng lipunan sa pagbatid dito.

Madalas marinig sa radyo ang pagtawa pagkatapos ng biro na "bakla" o "tibo" ang punch line. Hindi lamang ito nagbibigay ng pangkalahatang imahe at paglabag sa galang sa kanilang komunidad, kundi ipinapanatili rin nito ang kabiro-birong aspeto ng kanilang identidad.

Malayo sa mga laganap na konseptong "bakla" at "tibo" ang pagiging identidad ng isang indibidwal na transgender. Una, walang kinalaman ang pagiging transgender sa kasarian ng pagka-akit. Maaari na ang isang babaeng transgender ay magkagusto sa isang babae, at ang lalaking transgender, sa lalaki. Maaari rin silang magkagusto sa ibang kasarian.

Madalas din nakikitang magara ang mga ipinapakita bilang "bakla" at nakasuot ng mga damit na itinuturing panlalaki ang mga "tibo." Pati ang kanilang kilos at pagsasalita, nakabase sa pagiging feminine at masculine. Subalit malayo sa katotohanan ang ganitong tradisyonal na paniniwala. Ang pagsalungat nito ay hindi nagpapahiwatig ng pagpalit ng kanilang kasarian.

Ayon kay Skilty Labastilla ng Department of Social Development ng Pamantasang Ateneo, habang ang konsepto ng marami sa "bakla" ay madalas na idinidikit sa mga effeminate gays o kilos-babae na lalaki, sa katunayan, matagal na itong parte ng kasaysayan natin.

"Dating dati pa [sa ating bansa] ang transgender people kagaya ng mga babaylan. Kung iisipin, trans sila kasi most of them are born male, but they don't act masculine," paliwanag ni Labastilla.

Malaki rin ang pag-aalinlangan ng maraming taong trans dahil ang mga konsepto lamang na kanilang nakakamit ay ang "bakla" o "tibo." Dahil dito, may mga nagdadamit ng babae o lalaki at tinatawag ang kanilang sarili na bakla, ngunit transgender pala sila.

"Sa ngayon, emerging pa lang ang Pinoy trans. 'Yung female to male, tinuturing na butch lesbian, dahil hindi pa natin kabisado ang diwa ng transmen… sa middle class, nag-oopen up na ang kanilang mga mindset sa iba't ibang perspektibo at posibilidad. Importante ang self-identification kasi mahirap mag-assume na porke't hindi siya nag-coconform [sa tradisyonal na gender norms], automatic na ang label." Sabi ni Labastilla tungkol sa komunidad ng mga transgender sa bansa. "Puwedeng sa kanila mismo, evolving pa ang identity nila."

Nakabase lamang sa identidad ng isang tao ang kanilang kasarian, hindi sa kanilang pagkaakit, pagdadamit, pag-uugali, o ibang madalas ginagamit na batayang pantukoy ng kasarian. Sila lamang mismo ang nakakaalam kung ano ang kasarian nila.

## BUHAY NG TRANSGENDERS

"Mga dalawang taon na nakalipas nang nagsimula akong magbihis ng kasuotang pambabae," kuwento ni Lyla*, isang transgender. "Ngunit naaalala kong may kagustuhan akong maging babae mula sa pagkabata ko."

Dahil nga konserbatibo ang kaniyang pamilya, kaunti lamang ang kaniyang nakakausap ni Lyla tungkol sa kaniyang pagkilala bilang isang indibidwal na transgender. "Natanto ko [na] ang aking negatibong pagtingin sa aking sariling katawan ay hindi [karaniwan] at tumindi ang aking sama ng loob sa aking pagsilang-lalake. Hindi ko ma-identify ang pakiramdam na ito hanggang nakabasa ako ng mga resource tungkol sa gender dysphoria."

Malaking bahagdan ng komunidad ang dumadanas ng gender dysphoria tulad ng inilarawan ni Lyla. Madalas itong nagpapakita sa hindi pagiging komportable sa sariling katawan, ngunit iba-iba ang karanasan ng bawat dumadanas nito.

Para kay Lyla, nagpapakita ito sa, "pag-inggit sa mga katawan ng babae, matinding poot sa sariling katawan, at paglaganap ng pagiging uncomfortable na hindi humahayo."

Marami sa mga dumadaan dito ang naghahangad na magsagawa ng pisikal na pagbabago nang mabawasan ang kanilang pagkabagabag, ngunit nais munang unahin ni Lyla ang sa mga transgender, hindi talaga ito

> **"MGA DALAWANG TAON NA ANG NAKALIPAS NANG NAGSIMULA AKONG MAGBIHIS NG KASUOTANG PAMBABAE... NGUNIT NAAALALA KONG MAY KAGUSTUHAN AKONG MAGING BABAE MULA PAGKABATA KO."**
>
> LYLA, 'DI TUNAY NA PANGALAN
> ISANG TRANSGENDER

totoo para sa lahat. Itinago ni Lyla ang kaniyang identidad. Binanggit niya na marami siyang kilala sa pamantasan na tutol sa mga transgender. Gayunpaman, hinandog niya ang kaniyang pagkilala sa pagsisikap ng mga grupo na gawing mas progresibo ang lipunan dito.

Para naman kay Keith*, kahit ano ang kaniyang suot, pareho pa rin ang kaniyang identidad. Hindi niya itinuturing ang pagiging transgender bilang bukod na katangian. Bahagi lamang ito ng kaniyang identidad at nais niyang makilala siya sa iba pa niyang katangian, hindi lamang ang kaniyang pagiging transgender.

Genderfluid ang naunang salitang ginamit ni Keith, ngunit nang napagtantuhan ang tunay na kahulugan ng transgender, dito na nagsimula ang biyahe niya patungo sa kaniyang identidad. Hanggang ngayon, sa kaunting tao lamang siya komportableng magsalita tungkol dito.

Naituturing niya na mas progresibo ang Ateneo, kumpara sa kaniyang mga nakaraang paaralan. Binanggit niya ang organisasyong Dollhouse at ang mga kaibigang nakilala rito na mas bukas ang isip kaysa sa ibang kapaligiran. Sinisikap niyang turuan silang maka-unawa ng mga progresibong konseptong hindi lantad sa kanila.

Kinikilala niya ang kaibahan ng lipunan nang lumalaki ang kaniyang mga magulang at tinatanggap niya na ito ang dahilan sa agwat ng kanilang pag-unawa sa mundo. Ginagamit niya ito bilang motibasyon nang ipagpatuloy ang kaniyang pagpakilala sa kanila dito.

## TRANSISYON BILANG BIYAHE

Karaniwang hindi nabibigyang-pansin ng mga Pilipino ang mga taong transgender dahil tulad nila, maraming inaalala sa lipunan tulad ng pagkakapos ng nakararami. Hindi nakagugulat na halos wala silang kabatiran o kaunti lang ang alam tungkol sa buhay ng transgender. Kalimitan na sa salitang biyahe, gumugunita sa isip ang pagsakay tungong probinsya o paglalakbay, ngunit mas mahabang panahon ang tinatahak ng ating metaporikal na paglalakbay. Iba iba ang ating pagtingin sa mga taong nagsasagawa ng biyaheng ito.

"Dahil sa exposure ng middle and upper class sa Western media at literature, mas nauuna sila. Mas aware sila, pero not necessarily na mas accepting," sinabi ni Labastilla ukol sa iba't ibang pagtingin sa paksang ito. Dagdag niya, mahalagang magkaroon ng tunay na pag-unawa nang matamabad sa iba't ibang kompigurasyon ng sekswalidad at identitad. Sa gayon, mas unti-unting matuklasan na posibleng mabuhay nang sinusunod ang "self-identified sexuality and gender."

Habang mas nagiging bukas sila, "mas malala naman yung discrimination sa lower classes. Alam natin na may mga out na pero lumped pa rin sila sa mga konseptong bakla at tibo. Walang non-binary o gender queer o iba pa." Hindi nila alam ang ganitong identidad kung kaya't "kung may gusto ka sa lalaki [at pinanganak ka na lalaki], bakla ka at ganito ka dapat gumalaw. Ngunit, as they become more aware... mag-tratranslate ang mga ideya sa kanila."

Kung ang ibang Pilipino ay abala sa paglalakbay tungo sa isang lugar o pangarap, hinahangad naman ng iba ang kasiyahan. Hindi lamang eksklusibo sa isa ang biyaheng tatahakin ng isang indibidwal, ngunit puno ng walang katapusang biyahe, hindi man natin napapansin.

Para sa mga indibidwal na transgender tulad nina Lyla at Keith, mahalagang paglalakbay sa kanilang buhay ang pagtanaw ng kanilang sariling identidad at paghanap ng masusing paraan upang malabas at mapahayag ito, nakikita man ito ng mga tauhan sa kanilang kapaligiran o hindi.

Lubos ang balakid sa daan na ito. May mga problema sa mga trans na walang kapasidad na pinansiyal, may mga nagtitiis sa mga black market na pills at hormones dahil ilegal ito sa bansa, at malaking diskriminasyon sa mga desididong hindi magsagawa ng gender affirmation surgery. Kailangan ang pag-unawa at diskurso sa ganitong isyu.

Minsan, nakikita ang mga kongkretong halimbawa nito sa telebisyon na nagbabalita ng pinatay na transgender dahil sa kanilang identidad. Minsan, nararamdaman ito sa kaalamang hindi niya maaaring masuot ang nais niyang isuot dahil sa lipunang tinitirhan natin. Minsan, lumalabas ito sa hindi inaasahang lugar, tulad ng biglaang pagtuklas ng kaniyang magulang sa kaniyang identidad at pagtutol nito.

Hindi man pisikal ang pagharang sa kanilang paglalakbay, hindi ito maaaring isawalang-bahala. Tulad ng mga pisikal na balakid na kailangang tiisin upang madanas ang hinahangad, mahirap at mahaba rin ang kailangang hakbangin hanggang makarating sila sa punto na hindi na mahirap ang paglakbay.

Maliban sa mga pisikal na pagliban galing sa iba't ibang magkabukod na lugar, marami tayong nilalakbay na maaaring hindi nakikita ng mga tao sa kapaligiran natin. Isa lamang dito ang mahabang ekspedisyon ng paghahanap ng sariling identidad, ngunit hindi ibig sabihin nito na hindi mahalaga ang ganitong klaseng biyahe.

Ibang uri lamang ito, tulad ng paglakbay tungo sa dako ng mundo kung saan mahahanap ang paglago bilang tao. Kapag pinasiya mong lakbayin, marami kang matatagpuang balakid at taong susubuking pigilan ka.

Nasa harapan mo na ang simula.

"BAHAGI LAMANG ITO NG KANIYANG IDENTIDAD AT NAIS NIYANG MAKILALA SIYA SA IBA PA NIYANG KATANGIAN, HINDI LAMANG ANG KANIYANG PAGIGING TRANSGENDER."



# BIYAHENG MAYNILA: NAGHIHINGALONG KABAYO

*Kuwento ng namamatay na kultura*

SULAT AT MGA KUHA NI **BEN DELA CRUZ**
LAPAT NI **PAMELA LAO**



**"PINABABAYAAN KAMI NG MGA PULIS PERO MAYROONG GANITO,' HABANG PINAGDURUGTONG ANG KANIYANG HINTUTURO'T HINLALAKI, IMINUMUWESTRA ANG SIMBOLO NG PERA."**

'KUYA IMONG'
KUTSERO

Isang pangkaraniwang tanghali ang kaganapan ngayon sa Binondo: makatunaw-balat ang init at singaw ng araw na nasa rurok ng kalangitang walang kaulap-ulap, naghahalo ang amoy ng gasolina at basura sa kapaligiran dala ng tipikal na polusyon ng Maynila. Maaamoy ang halimuyak ng bagong hangong kikiam, siomai at asadong baboy sa bawat sulok at eskinita, at nakabibingi ang nagbubusinahang mga kotseng patungong divisoria at Lucky Chinatown mall. Hindi nagpapansinan ang mga tao dahil abala ang bawat isa sa mga pansariling gawain.

Isang malabong larawan ang nabubuo dahil sa gulo at salimuot ng nagmamadaling lakad ng mga tao at matulin na pagtakbo ng mga awtomobil at de-padyak. Hindi sila mapakali at hindi mapirmi sa isang lugar. Mabilis ang kilos ng mga tao sa Binondo, maliban na lamang sa kutserong namamahinga sa kaniyang kalesa.

Nanumbalik ang mga panahong ipinasyal ako sa kalesa ng aking Lolo at Itay habang nakatingin ako sa plasang nasa harap ng Basilica ni San Lorenzo, kung saan nakaparada ang pulang kalesa. Mula Binondo hanggang Intramuros ang paglalakbay namin noon at nakararating pa minsan sa kahabaan ng Luneta at sa bawat pagkakataong ipinahahawak ng kutsero ang tali, anong saya ang nararamdaman. Tinitiis ko ang init, ang usok--maging ang masangsang na amoy ng damo at dumi ng cimarron--maranasan lamang kung ano ang pakiramdam ng isang caballero sa siyudad.

Sa likod ng galimgim, hindi maiiwasang mapansin na iisa lamang ang kalesang nakaparada sa abenidang madalas may lima o anim na kabayong nakaabang. Nakapagtatakang mahigit kalahating oras na akong nag-iikot sa Binondo at iyon pa lamang ang nakikita kong kalesa. Hindi ba noo'y sanlaksa ito sa Binondo? Ganito na rin kaya sa ibang lugar? May pakialam pa ba ang Maynila sa mga kalesa? Nakabiyahe na kaya ang ilan sa mga ito, o namamatay na nga ba ang isang kultura?

## ANTIGO

Tinulak ako ng aking kuryosidad papalapit sa nanluluma nang kalesa. Bagaman nabitin ang maagang siyesta, mainit akong tinaggap ng namamahingang manong at agad na inilatag ang pang-alalay na tapaloda sa kanang gulong ng kaniyang kalesa.

Antonio "Toni" De Nero ang pangalan ng kutserong nakasuot ng puting Adidas t-shirt na terno sa kulay ng kaniyang buhok. Animnapu't apat na taong gulang na ang beteranong kutserong si Mang Toni at mahigit tatlumpong taon na siyang nangangalesa sa mga kalsada ng Binondo bukod pa sa walong taon na pangangalesa niya sa makalumang rutang Divisoria-Grace Park noong 1964.

Sa pag-arangkada ng kalesa sa kahabaan ng Ongpin, nalilibang ako sa mga kuwento ni Mang Toni, lalo na sa kaniyang karanasan sa mga pagbabago sa Binondo. Natanong ko siya kung kumusta ang kita ngayon sa pangangalesa kung ikukumpara noon. Nilatay nang malakas ni Mang Toni ang kabayo bago sagutin nang pasigaw ang aking tanong dahil sa nananaig na ingay ng makina at businang bumabalot sa abenida. "Hindi na talaga katulad ng dati," ang sagot ng kutserong nakatalikod sa akin.

Ayon kay Mang Toni, hindi na sapat ang bumababang 800 pisong karaniwang kita niya sa isang araw dahil sa nagmamahal na 'bondari' (boundary). Noong 2003, kahit na kakaunti ang mga pasahero, walang pangamba ang beteranong kutsero kung matutustusan niya ba ang singil o kung malaki pa ba ang matitirang kita dahil 200 piso lamang ang halaga ng boundary noon. Subalit ngayon, 500 piso na ang nakakaltas sa pangaraw-araw na kita ni Mang Toni, at napupunta sa kalesang pinangungupahan.

Nang matanong kung paano na lamang ang kaniyang kalagayan sa mga panahong hindi niya naaabot ang quota, patawa na lamang niya itong sinagot ng "kapag ganoon, e 'di may utang na tayo sa may-ari, wala pa tayong kita!"

Dumaan ang kalesa sa may World Trade Center habang ipinagpapatuloy ni Mang Toni ang kaniyang mga kuwentong ikinukumpara ang nakaraan at kasalukuyan. Nanumbalik kami sa mga araw na nakahimpil pa siya sa Divisoria (1960s), at sinabing noong mga panahong iyo'y itinuturing pang isa sa mga pangunahing moda ng transportasyon ang kalesa. Nakatutuwang malaman na nagkaroon pa pala ng ganoong yugto sa kasaysayan ng Pilipinas sa kabila ng pag-usbong ng dyip at iba pang awtomobil matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig. Kasabay ng paghinto ng aming biyahe sa unang stoplight, naudlot din ang pagmumuni-muni ni Mang Toni.

Inamin ni Mang Toni na hindi na talaga ganoon kadalas sumakay ang mga tao sa kaniyang kalesa dahil sa kompetisyong dala ng iba't ibang uri ng di-mekanikong transportasyon. "Lalo 'tong mga 'to! Pinatay kami ng mga 'de-motor na 'yan," ani ng kutserong madiing nakaduro sa walang laman na tricycle na nakaparada sa isang eskinita. Dekada otsenta nang umusbong ang mga tricycle at sidecar sa Filipinas. Naging popular ang mga ito sa tao dahil sa bilis, praktikal na taripa, at kakayahan nitong makalusot sa trapiko — mga katangiang dumaig sa kalesa. Hindi man kasing-sikip ng siyudad, naging mainit din ang pagtangkilik nito sa probinsya.

Narating namin ang tinatawag na Filipino-Chinese friendship arch nang matanong ko kung nagkakaroon pa ba ng suki ang mga tulad niyang kutsero sa kabila ng kompetisyong dinaranas. "Kundi sa mga Chinese sa Binondo, malamang wala na 'ko rito," ang sagot ni Mang Toni. Iyon din daw ang dahilan kung bakit nananatili pa rin silang nabawasan ng

> **"PAMASYAL NA LANG TALAGA [ANG KALESA], KUMBAGA"**
>
> **MANG TONI**
> KUTSERO

labing-isang kalesa sa lugar. "At karamihan sa kanila may kasamang bata. Pamasyal na lang talaga, kumbaga."

Tumawid ang kalesa sa Jones Bridge. Naramdaman ko ang biglang pagtambad ng simoy ng hangin na nagmumula sa Ilog Pasig sa ilalim ng tulay — at ang lalim ng buntong hininga ni Mang Toni.

**BONA FIDE**

Dalawang araw matapos ang aming paglalakbay ni Mang Toni, nakarating ako sa mga makasaysayang dingding ng Intramuros, sa Plaza de Roma na namamagitan sa kapuwa kilalang imprastraktura ng Palacio de Gobernador at Manila Cathedral. Maliban sa makalumang disenyo ng kalsada at mga gusali, kapansin-pansin ang limang makukulay na karitelang nakapalibot sa kanto ng Daang Cabildo at Soriano Avenue, na dumadagdag sa antigong kalagayan ng lugar.

Nakakuwentuhan ko ang isa sa mga may-ari ng karitela na si Kuya Romeo Javier. Hindi ko naiwasang maitanong sa kaniya kung mayroon bang samahan ang mga karitelang istambay sa loob ng Intramuros base sa iisang tema ng disenyo nito at mabulaklaking uniporme ng suot ng mga kutserong katulad niya. Napangiti ang kutsero.

Bukod sa simpleng pagpapatakbo ng karitela, ikinagulat ko nang magpakilala si Kuya Romeo bilang Presidente ng Samahan ng mga kutsero sa Intramuros (SAKSI) na binubuo ng dalawampung "jeepneytela." 13 taon na niyang pinamumunuan ang samahan magmula pa noong itinalaga ito ni Dick Gordon noong 2003.

Bilang isang opisyal na samahang nabibilang sa kabuuang sistema, at sa tagal na rin ng inilalagi nito sa loob ng Intramuros, naisip kong higit na maganda ang kinabukasan ng mga karitela sa loob ng Intramuros, lalo na't protektado sila ng administrasyon at mas sigurado ang kita ng mga ito dahil sa panturistang lokasyon.

Subalit ikinuwento ni Kuya Romeo na may pagkakataon ding nagbadyang matanggal ang SAKSI dahil sa desisyon ng Intramuros Administration. "Muntikan na noon. Aalisin na dapat kami kundi lang ako nagsulat kay Gordon mismo," ika nga ng kutsero habang pinapakain ng damo at pulot ang masiglang besiro.

Bagaman sigurado ang ngiti at tono ng pagsagot ng Presidente ng SAKSI — at mukha namang mananatili ang kultura ng pangangalesa dahil kinikilala bilang isang Pook Pamana ang Intramuros, isang pagdududa pa rin kung gaano pinapahalagahan ng Intramuros Administration ang kinabukasan ng mga karitela't kalesa dahil sa kuwento ni Kuya Romeo, at maging sa katagalan ng pagbalangkas ng buwis para sa SAKSI na nabanggit niya rin — isang senyales ng mabagal na pagproseso ng administrasyon.

Binalak kong tumungo sa opisina nito sa loob ng palasyo pagkatapos ng aming usapan upang malaman na sarado pala ang entrada ng Palacio de Gobernador para sa aking mga katanungan.

Dumungaw ang araw mula sa ulap ng hapon at nasinagan ang maliit na litratong nakapaskil sa kisame ng karitelang aming pinagkukuwentuhan. "Mga anak ko 'yan. Honor student parehas," nakangiting sinabi ni Kuya Romeo nang mapansin niyang napatingin ako sa isang malabong larawan. Tinanong ko siya kung mayroon pa ba sa kaniyang pamilya ang nais magtutuloy ng pangangalesa

*"Wala na siguro, awa ng Diyos."*

**BARELY LEGAL**

Natapos ang dalawang linggo bago pa man ako muling makasakay ng kalesa, sa tapat ng Jollibee na malapit sa sangandaan ng Kalaw at Orosa. Napagpasyahan namin ng aking ama na magkalesa na lamang pauwi dahil sa tagal ng paghihintay ng taxi o Grab taxi. Sumenyas kami sa mga kalesang nakatambay sa mapunong tagiliran ng opisina ng Pambansang Kawanihan ng Pagsisiyasat (NBI) sa tawid. Kalaunan, isang berdeng kalesang hinihila ng itim na kabayo ang lumapit sa aming kinatatayuan.

Tulad ni Mang Toni, masayang kakuwentuhan ang kutserong itinago sa pangalang Kuya Imong. Halos 30 taon na rin siyang nangangalesa sa kahabaan ng Luneta. Ikinuwento niya sa amin kung paano siya nagsimula sa pagmamaneho ng truck at lumipat sa pagpapatakbo ng kalesa, at kung paano niya nabihag ang puso ng kaniyang dalagang amo sa pangangalaga ng mga kabayo nito. Dinaanan ng kalesa ang Museong Pambata nang mapansin ko ang kakaiba sa aming sinasakyan: ang numerong nakapinta sa gilid at likod nito. Hindi ko naiwasang tanungin si Kuya Imong kung isang palatandaan ba ito ng kinabibilangan niyang samahan, tulad ng SAKSI sa Intramuros. "Hindi ho. Numero ho 'yan para macheck ng pulis kung nasingil na nila kami," ang sagot ng kutserong napakamot sa kaniyang ulo.

Ayon kay Kuya Imong, ilegal na hintayan kung tutuusin ang lugar kung saan namin siya natagpuan dahil sinasakop pa rin nila ang parte ng kalsada. Ngunit magandang abangan daw iyon ng mga pasahero dahil sa dami ng tao sa paligid.

"Pinababayaan kami ng mga Pulis pero mayroong ganito," habang pinagdurugtong ng kutsero ang kaniyang hintuturo't hinlalaki, iminumuwestra ang simbolo ng pera. Sa isang linggo, 150 piso ang kinokolekta ng mga pulis na nagmumula sa isang presinto

Nang aking tanungin kung may opisyal bang panukala ang mga pulis ukol sa kanilang ginagawang paniningil, itinaas na lamang ni Kuya ang kaniyang mga balikat, at sinabing mas gugustuhin niya nang ganoon kaysa paalisin sila ng mga pulis.

Nakababahala mang isiping maaaring nasasangkot na ang mga kutserong ito sa isang modus ng korupsyon, may punto si Kuya Imong na makakasama pang tanungin at kalabanin ang awtoridad dahil maaaring mapahamak ang kuntento at kinasanayan nang pamumuhay ng mga kalesang namamalagi sa bandang Luneta—kahit hindi na nila ramdam ang simpatiya ng Maynila sa kanilang pamumuhay.

Hindi maipagkakailang nagdurusa ang mga kalesa bilang isa sa mga pangunahing paraan ng transportasyon sa konteksto ng urbanisadong Maynila. Bagaman patuloy at mananatili ang kultura ng pangangalesa, nakapanghihinayang na nasa landas na ito ng pagiging isang tunay na antigo: nabubuhay ngunit hindi na naaayon sa espasyong ginagalawan, at nalipasan na ang mga panahong kinailangan ito.

Kinagisnan ko ang pagtatagpo ng dalawang magkaibang panahon: ang mala-Kastilang kalesang nananatili sa nabawi nang lupa ng Pilipino, at nagbunga sa isang armonía ng nakaraan at kasalukuyan.

Sila kaya? Masisilayan pa kaya ito ng mga susunod na henerasyon?



# HARAN: KANLUNGAN NG MGA KWENTONG PAGPALAG NG MGA LUMAD-BAKWIT

*Sulyap sa mga dinadaanan ng isang paglalakbay*

SULAT AT MGA KUHA NI
**MARY JILL IRA BANTA**
LAPAT NI **MICAH RIMANDO**

Sa dulo ng maingay at magulo na kalye ng Fr. Selga sa lungsod ng Davao, nakakubli ang santuwaryo ni Nellyn "Iyay" Sampag, 32, isang Manobo mula sa Kapalong, Davao del Norte. Sabado noon at walang pasok ang mga bata kaya abala si Iyay sa paggawa ng pulseras sa loob ng kanilang kubong gawa sa kawayan at tarpaulin sa loob ng compound ng United Church of Christ in the Philippines (UCCP) Haran.

Noong nakaraang dalawang taon lang, nagsasaka pa si Iyay at ang kaniyang mga kasamahan sa kanilang lupa. Ngayon, kumakapit si Iyay sa pagbebenta ng mga palamuti sa katawan bilang pantustos sa mga pang-araw-araw na gastusin sa siyudad.

Sa Bibliya, ang Haran ay ang lupa kung saan pansamantalang nanirahan sina Terah, Abraham, Lot, at Sarah sa kanilang paglakbay papuntang Canaan. Tila ganoon din ang sinapit ni Iyay na kabilang sa humigit-kumulang 200 na Lumad mula sa iba't ibang bayan ng Mindanao na nagpasyang lumikas sa Haran dahil sa pag-usbong ng militarisasyon sa kanilang mga lugar.

"Pinipilit nilang (Armed Forces of the Philippines o AFP) maging paramilitar ang mga tribo. Noong nagsimula ang militarisasyon, pinuwersa nilang sumali sa kanilang grupo ang isang miyembro ng bawat pamilya. Hindi kami pumayag na kunin nila ang aming mga asawa," ani Iyay.

Ayon kay Janjan Paredes ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), ang sitwasyon ng mga Lumad sa Haran ay nananatiling atrasado sapagkat hanggang ngayon, hindi pa rin ipinagkakaloob sa kanila ang matagal nang panawagan na karapatan para sa sariling pagpapasya. Nawalan ng lupa ang mga Lumad-bakwit dahil sa panghihimasok ng mga negosyante at militar sa kanilang lugar.



Noong 2015, umabot sa 800 Lumad ang lumikas sa Haran dahil sa pag-okupa ng militar sa kanilang mga lupa. Marami sa kanila ang nakabalik na matapos mabalitaang umalis na ang militar sa kanilang komunidad. Ngunit para kay Iyay at sa mga Manobong mula sa Barangay Gupitan, Kapalong, hindi pa ligtas umuwi sa kanilang lugar.

Ang dahilan ng pagkakaudlot ng pag-uwi nina Iyay: ang kapwa Manobo na si Datu Laris Mansoloon, pinuno ng paramilitar na Alamara. Kwento ni Iyay, bukod sa pamimilit ng Alamara sa kaniyang mga katribo maging paramilitar, nililimitahan din ng nasabing grupo ang kanilang pagkilos sa loob at labas ng kanilang sariling teritoryo. Marami rin sa kanila ang biktima ng red tagging at inaakusahang kasapi ng New People's Army (NPA). Sa tuwing luluwas sila sa ibang lugar, pinagbibintangan sila nakikipagkita sa mga NPA. Kapag naman may bitbit silang bigas, pinagbibintangan silang sumusuporta sa mga rebelde.

"Nagtataka kaming mga Lumad dahil hindi naman ganyan ka-limitado ang aming pamumuhay. Natural sa amin ang maglakad dahil hindi lahat ng mapagkukunan ng pangangailangan ay magkakalapit. May ibang malalayo. Ganoon ang buhay naming magsasaka. Ayaw namin ng distorbo," ani Iyay.

Noong nagsimula ang militarisasyon sa kanilang lugar noong 2014, lalong humirap ang buhay-pagsasaka nina Iyay lalo na't kakaunti ang kanilang kinikita. "Madalas kaming minamadali sa pag-ani ng mga pananim namin. Pinapahintulutan kaming dalawin ang aming sakahan ng dalawang oras lamang sa loob ng isang araw at dalawang beses sa isang linggo."

Upang makauwi ang grupo nina Iyay sa kanilang tahanan sa Gupitan, kailangan dumaan sa teritoryo ni Datu Laris. Isa sa mga kondisyon upang payagan silang bumalik ang pagbayad ng 500,000 piso bilang danyos sa nasirang pangalan ni Datu Laris. Ayon kay Paredes, pinagbibintangan daw ni Datu Laris ang ilan sa mga Manobo na kabilang sa NPA na pumaslang sa kaniyang anak. Ngunit hindi naman kasapi ng NPA ang mga Manobo.

## EDUKASYON BILANG ISANG ANYO NG PAGPALAG

Pinakaapektado sa patuloy na militarisasyon ang mga batang Manobong naudlot ang pag-aaral dahil sa panghihimasok ng AFP at ng Alamara sa kanilang mga paaralan. Sa Gupitan kung saan dating naninirahan sina Iyay bago sila lumikas, isang paaralan lamang ang nakatayo doon – ang Mindanao Interfaith Services Foundation, Inc. (MISFI) Academy.

Isang alternative school ang MISFI at layon nitong maging tagapamahagi ng mapagpalayang edukasyon para sa mga batang Lumad upang maabot nila ang tunay na pag-unlad at hinuhubog sila upang maging responsableng lider ng kanilang mga komunidad.

Batid ni Iyay ang halaga ng edukasyong dala ng MISFI sa mga batang Manobo. "Ang eskwelahag aming itinaguyod ay dapat pang suportahan at paramihin. Nakita namin ang potensyal ng paghubog ng susunod na henerasyon para sa pag-unlad ng aming tribo," ani niya.

Ang pinagkaiba ng MISFI sa karaniwang paaralan, binabase ng mga guro ng MISFI ang kanilang ituturo sa tradisyong pagka-Lumad. Ang mga halimbawang ginagamit sa pagtuturo ay organiko sa mga Lumad. Inaatasang pag-aralan ng mga guro ang kultura at politika ng mga Lumad nang maituro nang maayos ang aralin sa mga bata. Dahil dito, mas madaling naiintindihan ng bata sapagkat hindi malayo sa kaniyang pananaw at karanasan ang konteksto ng aralin.

Kahit hanggang ika-anim na baitang lang ang tinuturuan ng MISFI, nagsusumikap ang mga guro nito na turuan ang mga magulang ng mga bata upang hindi sila malinlang ng mga dayuhang manunupil.

"Hindi nila kami pwedeng diktahan. Kami ay may sariling pag-iisip. Kami mismong mga magulang ang naghahakot ng suporta para sa edukasyon ng aming mga anak. Suportado namin ang MISFI dahil sa matagal na namin itong pangarap para sa tribo," ani Iyay.
Ngunit ang MISFI ay natatamaan na rin ng red-tagging. Ani Paredes, "Ang ginagawa ng AFP, kung hindi government organization ang itatayo mo sa kanayunan, ituturing ka nilang kasapi ng NPA."

Ito ay sa kabila ng pagkilala ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) sa MISFI Academy bilang isang lehitimong paaralan na tumatanggap ng mga mag-aaral sa elementarya. Kabilang sa mga kondisyong hinihingi ni Datu Laris upang makabalik ang mga Lumad-bakwit ang pagbawal sa mga support







groups gaya ng MISFI na sumama sa kanila pauwi sa Gupitan.

"Ang gusto nila (Alamara), mapasailalim kami sa kanila. Ang gusto namin, wala ni isang Lumad ang maaapi ng kahit sino," ani Iyay.


Noong napilitang lumikas ang mga Manobo mula sa Gupitan, sinamahan sila ng tatlong guro mula sa MISFI na nagtaguyod ng munting paaralan sa loob ng Haran. Bago makarating sa maliliit at masisikip na barong-barong na tinitirhan ng mga Lumad, nakahanay ang mga pisara sa mga silid-aralang gawa sa pinagtagpi-tagping tarpaulin at kahoy. Sa loob, may mga batang nag-eensayong magsulat at magbasa sa wikang Manobo kahit walang pasok. Naisasalamin dito ang masidhing hangarin ng mga Manobo na makalaya sa panunupil ng mga dayuhan at pwersang estado.

## BUHAY-BAKWIT AT PAGPALAG SA DAYUHANG LUGAR

Para kay Paredes, isang pansamantalang tirahan lamang ng mga Lumad ang Haran. "Sa totoo lang, kung titingnan mo ang kanilang sitwasyon, hindi ito normal para sa mga Lumad. Ang kanilang kabuhayan, kultura, at tradisyon ay nasa kanilang komunidad."

Marami sa mga Lumad ang gumagawa ng pulseras, hikaw, at kuwintas upang upang may mapagkakakitaan habang nasa Haran. Binibenta nila ito sa mga interesadong pumapasok sa kanilang compound. Hindi ito sapat upang mabuhay sila ngunit hindi rin sila makapagtrabaho dahil bukod sa hindi nila nakasanayan ang buhay-siyudad, nakakaranas sila ng diskriminasyon mula sa mga taga-lungsod.

Nanggagaling ang kanilang sustento sa lokal na pamahalaan ng Davao sa pangunguna ni dating Mayor at ngayon ay Pangulong Rodrigo Duterte. Namamahagi rin ng donasyon ang simbahan at iba't ibang grupo, indibidwal at NGO




"ANG ESKWELAHANG AMING ITINAGUYOD AY DAPAT PANG SUPORTAHAN AT PARAMIHIN. NAKITA NAMIN ANG POTENSYAL NG PAGHUBOG NG SUSUNOD NA HENERASYON PARA SA PAG-UNLAD NG AMING TRIBO."

IYAY, MANOBO SA DAVAO

tulad ng Red Cross sa kanila. Bukod sa libreng patubig ng pamahalaan ng Davao, binibigyan rin sila ng bigas.

Sa tuwing may nagkakasakit, may mga nars, doktor at mag-aaral ng medisina na kusang namimigay ng kanilang serbisyo. Kung hindi kakayanin, dinadala ang mga maysakit sa Southern Philippines Medical Center kung saan mabibigyan sila ng alagang pangkalusugan bilang mga bakwit.

Madalas din silang binibisita ng mga mag-aaral at guro upang pag-aralan at kumustahin ang kanilang sitwasyon. Noong Pasko, marami sa mga bumisitang personalidad sa TV at simbahan ang namigay ng bigas, kumot, at iba pang regalo.

Ngunit kahit sustentuhan pa sila ng pamahalaan ng Davao, hindi pa rin mapapawi ang hangarin ng mga Lumad na makabalik sa kanilang mga tahanan. "Kahit pa bigyan niyo sila ng trabaho, kahit pa sa de-aircon na silid niyo pa sila ipatutuloy, hindi pa rin sila mapapanatag dahil hindi ito ang kanilang pinagpasyahang buhay, " ani Paredes.

"Iba pa rin ang pakiramdam na makatikim ng sariwang isda mula sa amin. Sa amin, kahit wala kaming mga kagamitan, kaya naming mabuhay sa aming mga sariling paa dahil sa kasaganaan ng mapagkukunang pagkain sa paligid," dagdag ni Iyay.

Marami sa mga Lumad sa Haran ang magsasaka sa kani-kanilang mga lugar na binawian ng lupa dahil sa militarisasyon. Ang panghihimasok na ito ng militar ay nakaugnay sa pagsasakatuparan sa mga pansariling interes ng iilang naghaharing-uri. Ayon kay Paredes, ito ang dahilan kaya hindi pa rin nagbabago ang paninindigan ng lokal na pamahalaan ng Kapalong pagdating sa militarisasyon.

"Walang ginagawa ang mayor na si Theresa Timbol at ilan sa mga opisyales ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) upang lutasin ang matagal nang suliranin ng mga Manobo sa lupa at sariling pagpapasya dahil si Timbol mismo ay may pansariling interes na pinoprotektahan. Pinapahintulutan ang mining exploration sa aming teritoryo dahil si Timbol mismo ang isa sa mga gustong makinabang," ani Paredes.

**"ANG GUSTO NILA (ALAMARA), MAPASAILALIM KAMI SA KANILA. ANG GUSTO NAMIN, WALA NI ISANG LUMAD ANG MAAAPI NG KAHIT SINO."**

IYAY, MANOBO SA DAVAO

## HARAN, DALAWANG TAON NA ANG LUMIPAS

Ngayong pangulo na ang taga-Mindanao na si Duterte, umaasa ang mga Manobo at ilan pang mga Lumad na pansamantalang nanunuluyan sa Haran na matugunan ng pangulo ang ilan sa kanilang mga panawagan. Nang kumakandidato pa lang sa pagkapangulo si Duterte, ipinangako niyang gagawing prayoridad ang pag-uwi nang matiwasay ng mga Lumad sa kanilang mga teritoryo pagsapit ng Disyembre 2016.

Ngunit ilang buwan na ang nakalipas, marami pa rin sa kanila ang nananatili sa Haran sapagkat patuloy pa rin ang banta ng militarisasyon, iligal na pag-aresto, at targeted killings. Kahit ilan sa kanila ang lumahok na sa Lakbayan ng Pambansang Minoridad noong Oktubre 2016 upang iparating ang kanilang mga hinaing, nanatili pa ring nasa panganib ang sitwasyon ng maraming Lumad.


"Natural lamang ang mga tulong pagkain at pinansyal upang mabuhay sila sa ganitong sitwasyon. Ngunit ang matagal na nilang hangad ay ang makabalik sa kanilang mga tahanan. Safety pass na makakauwi sila," ani Paredes

Kung kaya hiling nina Paredes at Iyay, tiyakin ang ligtas na pag-uwi at pamumuhay ng bakwit, tanggalan ng armas ang paramilitar, at paalisin ang militar sa lupa ng mga Lumad. Ayon kay Paredes, ang pagtatag ng AFP ng mga grupong paramilitar tulad ng Alamara ay upang pagsabungin ang mga Lumad hanggang sa mapaalis sila at makuha ng mga dayuhang interes ang likas na yaman tulad ng ginto at metal na matatagpuan sa teritoryo ng mga Lumad.

Para naman kay Iyay, higit na mahalaga ang kapayapaan at kasaganaan ng kaniyang paligid kaysa anumang materyal na bagay. Pag-uwi niya, tiyak niyang pag-uusapan kung paano tutugunan ng komunidad ang problema ng iresponsableng pagmimina sa kanilang lugar. Kung ano man ang nakabubuti para sa nakararaming Manobo, iyon ang kanilang susundin.

"Ganyan kami mag-isip – hindi lang para sariling tribo kung hindi para sa lahat ng tao. Kaya pag-uwi namin, kung anuman ang biyayang at pag-unlad na aming natanggap, ibabahagi namin ito sa aming mga kapatid na naiwan sa bundok," pagtatapos ni Iyay.






KUHA NI **GENESIS GAMILONG**

**Sa adhikaing nakabatay sa tunguhin ng Matanglawin, isinasabalikat ang mga sumusunod na sandigang simulain:**

**MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan: katotohanan lalo na ng mga walang tinig.**

**BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan: kabilang na ang kritisismo ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.**

**HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makataru-ngang balangkas ng lipunan.**

**TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.**

**ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.**

**PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.**

**IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.**

